USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

EDC Education Development Center

**USAID OPPORTUNITY 2.0 PROGRAM**

**Second Chance Opportunities for Out-of-School Youth**




# Higher-Level Education or Training Readiness Orientation (HERO)

## Facilitator's Guide

**© 2022 by Education Development Center, Inc. All Rights Reserved.**

This content may not be reproduced without the written permission of Education Development Center, Inc (EDC).
This report is made possible by the generous support of the American people through the United States Agency for International Development (USAID).

The contents are the responsibility of EDC and do not necessarily reflect the views of USAID or the United States Government.

**EDUCATION DEVELOPMENT CENTER**

43 Foundry Avenue
Waltham, MA 02453
www.edc.org

| **Training Session** | **Higher-level Education or Training Readiness Orientation** |
|---|---|
| **Official Title** | HERO |
| **Mode of Delivery** | Face-to-Face or Synchronous Online |
| **Type of Training** | Youth-facing (actual delivery to the Youth) |
| **Duration** | Eighteen (18) hours / 1,080 minutes for Youth-facing Training/Orientation |

| | |
|---|---|
| **Objectives** | **By the end of the orientation, participants will have a:**<br>● Clearer understanding of further education pathways and opportunities, particularly in Senior High School, Technical Vocational Education and Training, and College, particularly on admission eligibilities<br>● Answer the following questions related to pursuing further education and training:<br>○ Mission 1: Who are the HEROES? / Sino ang HEROES? – In this mission, learners will get to understand eligibility requirements needed by further education and training levels, which will both clarify and validate former knowledge on education pathways<br>○ Mission 2: Why do you want to continue your education? / Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral? – In this mission, learners will be able to articulate their reasons of pursuing further education and training; and start to imbibe the HERO Mindset<br>○ Mission 3: How can you fund for your education? / Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? – In this mission, learners will be able to understand the difference between direct and indirect costs to education, and how each type of costing can be freed or subsidized based on various levels of student financial assistance (National, City-Based, School-Based)<br>○ Mission 4: What can you study? / Ano ang maaari mong aralin? – In this mission, learners will have a deeper understanding of Senior High School, TVET, and College; and be familiarized with the entry pathways from one education level to the next<br>○ Mission 5: Where can you study? / Saan ka pwedeng mag-aral? – In this mission, learners will get to understand the difference between public and private schools; and how the type of school affects or influences that type of student funding that the learner may avail of |

| | |
|---|---|
| | ○ Mission 6: Get Ready! / Maghanda na! – In this mission, learners will get to understand the various documentary requirements needed for further education admissions, and get a list of tips how they can prepare themselves for the eventual admissions process |
| **Key Messages to the Youth** | 1. Further education or training is a door wide open for the youth to consider in their journey towards self-reliance. To assist youth to understand this, HERO is offered for them – a three-day orientation that aims to prepare youth to further education and training.<br><br>2. There are three main education pathways one may consider after secondary education: (1) Senior High School Grades 11 and 12, which will prepare them for further education, employment, middle-level skills development, and entrepreneurship; (2) Technical Vocational Education and Training, which will prepare them for immediate employment, and help them save up for continued higher-level education, employment, or entrepreneurship; and (3) College / Tertiary-level which will give them specific set of skills, that give them a highly competitive edge towards employment, education and entrepreneurship, and which may give prepare them for a more stable and financially secure future.<br><br>3. For Mission 1: Who are the HEROES? / Sino ang HEROES? – Key Message is: Proceeding to further education and training are influenced by two factors: (1) Eligibility – What opportunities are open for me based on the qualities I have now?; and (2) Interest – While I understand that there are multiple opportunities open for me, which one am I most interested in?<br><br>4. For Mission 2: Why do you want to continue your education? / Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral? – Key Message is: To begin your journey towards further education or training, one needs to have a clear response why one wants to proceed to education. Having a clear response to this question will be the driving reason to fuel one's desire to not only enter education, but finish it amidst challenges.<br><br>5. For Mission 3: How can you fund for your education? / Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? – Key Message is: Assistance is available. While there are costs entailed to pursuing further education and training, it is the right of every Filipino to pursue free education in public institutions. However, should students desire to pursue education in private schools, financial assistance is also still available from the national government, city government, or from the actual school.<br><br>6. For Mission 4: What can you study? / Ano ang maaari mong aralin? – Key Message is: We all have unique journeys towards pursuing further education, and each step taken is a step towards realizing one's desired future. Another key message is that there are multiple pathways towards pursuing further education and |

| | |
|---|---|
| | training, and that the decision which pathway one will take rests on the decision of the learner.<br><br>7. For Mission 5: Where can you study? / Saan ka pwedeng mag-aral? – Key Message is – There are two types of schools – public schools and private schools. Public schools are schools ran by the government, and is operated through taxes. Private schools are schools ran by private entities, and is operated through paid tuition fees. There are public and private schools in SHS, TVET, and College – and the type of school selected determines the type of financial assistance the student may avail of.<br><br>8. For Mission 6: Get Ready! / Maghanda Na! – Key Message is – There are documents needed to be prepared for by the learners as they apply for eventual education or training. However, apart from documentary requirements, students would also need to prepare themselves in the process.<br><br>9. Ultimately, the key message we want them to take home and which we want them to say to others is that learners have a second chance in education. They are not alone in the journey, and they have each other to lift themselves up towards successful education. |
| **Facilitators** | **The following may use this facilitation guide to deliver HERO:**<br>● Members of the Higher Education Team<br>● Members of the Youth Development Team (YDC and YDO)<br>● Members of the TESD Team (TESD Coordinators and TOPs Facilitators)<br>● Service Providers (who have undergone the Training of Trainers for HERO)<br>● Members of the Master Training Team |
| **Mode of Delivery** | 1. Due to the threats and restrictions posed by the COVID-19 pandemic, it is highly encouraged that the implementing teams consider an Online Training Delivery.<br>2. However, should implementers decide to implement the training in a face-to-face manner, respective city health protocols and guidelines must be observed.<br>3. EDC Request Forms for F2F training must be completed and submitted at least three (3) days before the activity. |

| | |
|---|---|
| **Materials** | **Facilitators:**<br>● Facilitators are advised to use this guide together with the accompanying deck for the presentation.<br>● Link to the deck: [Insert Deck Here]<br>● Facilitators may use the most accessible platform to the participants (e.g. RingCentral, Zoom, Facebook Rooms, Google Meet, etc.)<br>● Facilitators are expected to distribute and confirm receipt of HERO Youth Guide to expected/target training participants.<br><br>**Youth**<br>● Youth participants are expected to receive a hardcopy of the training kit that includes<br>    ○ HERO Youth Guide<br>    ○ Other materials necessary to accomplish the activities (e.g. clean sheets of paper, pens or markers, coloring materials, stickers, etc.)<br>    ○ Youth participants may use and answer directly using the worksheets in the HERO Youth Guide, however, provision of extra materials is encouraged should budget permit.<br>● For online modalities, youth participants are expected to receive a load allowance for their data needs to enable them to connect and attend the session. |
| **Agenda Overview** | ● Training agenda to be presented are suggestive and not prescriptive.<br>● Facilitators may make a copy and tailor it with their own programming. |
| **Proposed Program Flow** | Day 1 Morning (3 hrs)<br>HERO Mission 1: Sino ang mga HEROES?<br><br>Day 1 Afternoon (3 hrs)<br>HERO Mission 2: Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral?<br><br>Day 2 Morning (3 hrs)<br>HERO Mission 3: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?<br><br>Day 2 Afternoon (3 hrs)<br>HERO Mission 4: Ano ang maaari mong aralin? |

| | |
|---|---|
| | Day 3 Morning (3 hrs)<br>HERO Mission 5: Saan ka pwedeng mag-aral?<br><br>Day 3 Afternoon (3 hrs)<br>Maghanda na!<br><br>TOTAL: 18 hours for youth-facing activity for the base HERO material<br><br>For the Additional HERO Day as post-training intervention, (SHS-specific, TVET-specific, or College-specific), please check the proposed Program Flow attached in this document. |

## HERO Script and Training Design
## Youth-Facing Training

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| At least 10 mins before actual start of clock for Registration | 1 | *Greetings*<br>"Good day, mga ka-HERO! Welcome to our first session of HERO, or the Higher-level Education or Training Readiness Orientation. Excited kaming makilala kayo ngayong araw, at masagot natin ang inyong mga tanong patungkol sa pagpunta sa mas mataas na antas ng edukasyon."<br><br>"Habang hinihintay natin ang pagsisimula ng ating HERO Run, mangyari lamang na sundin natin ang mga sumusunod na protocols upang maging maayos ang pagpapatakbo natin ng ating session ngayong araw." | Habang hinihintay ang pagsisimula ng HERO, magpatugtog ng mga kanta upang ma-set ang mood ng training. Magandang makapag-play ng mga soundtracks mula sa mga superhero films. |
| Actual Start of Time: 1 min | 2 | Bukas – bukas na isip (welcome new learnings and beginnings, respect the experience of others), bukas na puso (empathy), bukas na palad (willingness to help the self and others)<br><br>Tiwala – know that it is a process, and trust it. Sige lang nang sige. Higit sa lahat, maniwala at magtiwala sa sarili.<br><br>Saya – we are celebrating the gift that is education and the mission that is teaching. Let's collaborate! We are partners! | Kung gagawin ang training online, siguraduhing may accessible na Attendance Sheet para sa mga mag-aaral. Naka-attach ang Attendance Sheet sample sa document na ito.<br><br>Kung Face to Face naman, please print out the Attendance Sheet (one Attendance per Mission) and make sure that the learners sign this before they enter the venue. Naka-attach din ang printable Attendance Sheet sa dulo ng document na ito.<br><br>If Face to Face, prepare simple nametags the youth can wear |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | across the entire duration of HERO. |
| 3 mins | 3 | *Dasal at Pambansang Awit*<br>"Bilang panimula, ilagay natin ang ating mga sarili sa harap ng ating Panginoon. After the prayer, kakantahin natin ang ating Pambansang Awit." | Better if the prayer and national anthems have been pre-downloaded before the actual day, rather than playing it via hyperlink. |
| 3 mins | 4 | *Welcome*<br>Muli, sa ating mga ka-HEROES, welcome and welcome muli sa ating HERO Headquarters! Welcome to our first session of HERO, or the Higher-level Education or Training Readiness Orientation.<br><br>*If Welcoming Remarks Speaker is present, please proceed to:*<br>Now, to formally welcome us to this exciting event, may we kindly acknowledge (NAME), (DESIGNATION), (AFFILIATION) to deliver his/her Welcoming Remarks.<br><br>*As Welcoming Remarks end, say:*<br>Maraming maraming salamat po (NAME) for welcoming us to our HERO Sessions. Indeed (GIVE ONE OR TWO HIGHLIGHTS PICKED UP FROM THE REMARKS). | Maaari kang gumawa ng name slide para sa speaker na naimbitahang magdeliver ng Welcome Remarks. |
| 1 min | 5 | *Expectation Setting and Walkthrough of the Day*<br>Again, welcome welcome to our HERO Headquarters! Dito sa ating HERO Headquarters mangyayari ang ating mga HERO Lessons, at dito rin natin bubuuin ang ating mga HERO Squads. | Siguraduhing i-check ang HERO Headquarters bago ang aktwal na run ng HERO. Siguraduhing may space ang mga participants na umikot sa venue (mahalaga ito para sa Mission 6), may lugar upang makagawa ng group work, may dingding upang |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | pagdikitan ng manila papers, at may projector at sound system. |
| > 1 min | 6 | Upang simulan natin ang ating HERO Missions, nais ko sanang sagutin natin ang tanong na ito: | |
| 7 mins | 7 | "Ano ang nais mong matutunan ngayong araw?"<br><br>*As the students respond and share their insights, acknowledge them, thank them, and take note of all their expectations. It will be best that by the end of Mission 1, the Facilitator goes back to this list of Expectations, and check all questions shared here to verify that the expectations have been met.* | Kapag nagrecite ang mga estudyante, magandang isulat din ang kanilang mga responses sa blackboard.<br><br>Sundin ang template na (PANGALAN): (RESPONSE) (Hal. Jill: Nais kong malaman kung ano ang HERO.) |
| > 1 min | 8 | "Alam ko marami sa inyo ang may tanong kung ano nga ba ang HERO?" | |
| 5 mins | 9 | "Ang HERO ay binubuo ng apat na importante at mahahalagang salita. Ang HERO ay nangangahulugang "Higher-level Education or Training Readiness Orientation". Base sa pamagat ng activity natin, ano kaya ang HERO?"<br><br>*Get 1 to 2 responses.*<br><br>"Tama. Ang HERO ay isang orientation, upang tayo, kayong mga participants natin ngayong araw ay maging R – Ready, para sa inyong paglalakbay patungong "HE – Higher-level Education or Training. Sa madaling salita, ang HERO ay tutulong sa iyong maging mas handa papunta sa mas mataas na antas ng edukasyon." | |
| 6 mins | 10 | "Upang mas malaman natin kung ano ang HERO, panoorin natin ang video na ito" | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | *Play video.* | |
| 10 mins | 11 | Sa ating HERO, mayroon tayong anim na Missions. Bawat mission, sasagutin natin ang anim na malalaking tanong, na gagabay sa atin upang mas maihanda natin ang ating mga sarili papunta sa mas mataas na antas ng edukasyon.<br><br>Ang anim na tanong ay ang sumusunod:<br>1. Sino ang mga HEROES? Sa araw na ito, sasagutin natin ang tanong na "Sino ang mga HEROES" Sa Mission na ito, sasagutin at aalamin natin kung sino ng aba ang mga HEROES natin sa ating mga sessions na ito, at kung ano anong landas ang pwedeng tahakin ng ating mga HEROES!<br><br>2. Ang Mission 2 naman ay susubukang sagutin ang tanong na "Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral?" Sa Mission 2, mas lalaliman natin ang ating pag-alam kung bakit natin nais magaral pang muli, para saan, at para kanino.<br><br>3. Sa Mission 3, sasagutin naman natin ang tanong na "Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?" Sa Mission na ito, aalamin natin kung paano tayo makakapagaral nang libre, at kung ano ano ang mga scholarship or student financial assistance programs na pwede nating applyan.<br><br>4. Sa Mission 4, sasagutin naman natin ang tanong na "Ano ang maaari mong aralin?" Sa Mission 4, aalamin natin kung ano ang mga maaari mong aralin, at kung paano ka makapupunta sa isang antas mula sa isa.<br><br>5. Sa Mission 5, sasagutin natin ang tanong na "Saan ka pwedeng mag-aral?" Dito natin aalamin ang iba't ibang uri ng paaralan na pwede nating puntahan, at kung paano ito makakaapekto sa uri ng pagpopondo na maaari nating applyan. | Basahin, aralin at intindihin na ang mga HERO Materials bago ang aktwal na implementasyon ng mga activities, upang malaman kung aling mga activities ang nag-cocomplement sa isa't isa. |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | 6. At ang pinakahuling mission ay ang "Maghanda na!" kung saan aalamin natin ang mga dokumentong kailangan nating isubmit, habang inaalam din natin kung ano ang mga tips and tricks upang mas maging handa tayo para sa ating pag-aaral. | |
| | 11 (continuation) | Sa atin ding pagtatalakay ngayong araw, malalaman natin na maaaring may tatlong uri ng estudyante na makakasama natin ngayon. Mayroon tayong mga estudyanteng tapos na ng Junior High School o ng JHS Level ng Alternative Learning System o ALS;<br><br>Meron din tayong mga estudyanteng nakatapos na rin ng TESDA Courses, at maaaring mayroon nang National Certificate ngayon.<br><br>At higit sa lahat, nais ko ring tawagin kung mayroon ditong mga graduate na ng high school – o sila yung mga nakagraduate mula sa old high school curriculum; o nakatapos mula Senior High School; o nakatapos rin mula sa SHS level ng ALS. | Kung ginawa o nagconduct ng Pathways Orientation for the Youth o POY, maaari ring malaman mo na kung sino sa kanila ang JHS / ALS-JHS completers, TVET / NC Holders, at HS / SHS / ALS-SHS Graduates.<br><br>May pagkakataon na sa paggrupo ng mga estudyante, may mga grupong wala sa nabanggit.<br><br>Gaganapin natin ang dalawang scenarios na andito:<br><br>(1) Kung available ang lahat ng representation ng mga estudyante (JHS / ALS-JHS completers, TVET / NC Holders, at HS / SHS / ALS-SHS Graduates), **magpatuloy lamang.** Ibig sabihin nito ay magkakaroon ka ng tatlong uri ng HERO Squads. |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | (2) Kung may isa o dalawang grupo ng estudyante na wala rito, at karamihan ng mga estudyante ay galing lang sa isang group (ex. 100% ng mga participants at ALS-JHS / JHS Completers, at 0% TESDA NC Holders at 0% HS Graduates), maaari kang gumawa ng higit pa sa isang HERO Squad na composed lahat ng estudyante mula sa parehas na grupo na ito. Ibig sabihin ay mayroon kang 5 grupo ng ALS-JHS / JHS Completers. |
| 8 mins | 12 | Muli, tandaan natin kung sino ang pwedeng sumama sa biyaheng HERO.<br><br>1. Mga Completers ng Junior High School Grade 10, o mga nakatapos ng JHS level ng ALS<br>2. Mga Completers ng TVET o Technical Vocational Education and Training mula sa TESDA<br>3. Mga completers at graduates ng high school (na maaaring nakatapos ng high school mula old curriculum, completers ng Senior High School, o nakatapos ng SHS Level ng ALS)<br><br>Kung ikaw at isang JHS Completer, maaaring iniisip mo ngayon kung pupunta ka ba ng SHS o ng TVET. Tandaan mo na bukas ang parehong pinto na ito sa'yo, ngunit may mga pagkakataon din, depende sa requirements ng TESDA, na kailangan ng age requirement, o dapat ay nakatapos na ng high school. | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Kung ikaw naman ay TVET Completer, bukas rin sa iyo ang patuloy na pagpapataas ng iyong NC Level. Ngunit para naman sa mga TVET completer na tapos na ng high school, maaari ring iniisip mo na pumunta na ng kolehiyo.<br><br>And of course, para naman sa mga graduates na ng high school, bukas na bukas din para sa'yo at magandang pagisipan din kung pupunta ka ba ng kolehiyo, o maaaring iniisip mo rin na pumunta mula ng TESDA.<br><br>Sa Biyaheng HERO, mayroon tayong tatlong landas na pwede puntahan.<br><br>Sa mga nagnanais pumunta sa SHS, bukas ang HERO for Senior High School para sa iyo.<br><br>Sa mga nagnanais naming pumunta sa TESDA, pwede kang tumuloy at pumunta sa HERO for Upskilling and Multiskilling – o HERO for UpMu.<br><br>At sa mga nagnanais namang tumuloy sa kolehiyo ay maaari kang pumunta sa HERO for College.<br><br>Mamaya, sa HERO Mission 1 ay pupunta tayo sa ating respective groups upang masagot natin ang mga tanong patungkol sa antas ng edukasyon na nais nating puntahan. | |
| 3 mins | 13 | Sa huli, ang lahat ng mga HEROES ay:<br><br>1. Magiging mas handa papunta sa patuloy na pag-aaral<br>2. Magiging mas maalam kung paano ka makararating sa iba't ibang higher-level education opportunities, at kung paano mo ito magagawa sa tulong ng patatrabaho o pagnenegosyo<br>3. Magiging mas empowered na ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, kasama ng pagbibigay inspirasyon sa iyong mga ka-HERO | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 7 mins | 14 | Ngayon, maaaring itanong ninyo – paano naman po kung napakarami ko pa ring tanong at hindi ito masagot sa loob ng tatlong araw natin dito sa HERO?<br><br>Kung mayroon ka pang tanong tungkol sa Senior High School, o sa TVET, o sa College, kaming mga kasamahan mo sa Opportunity 2.0 ay magsasagawa ng one additional day upang mabigyan ng mas malalim na sagot ang inyong mga tanong tungkol sa SHS, TVET, o College – depende sa inyong mga tanong at pangangailangan. Sa huli ay magkakaroon tayo ng sign-ups sa iba't ibang araw patungkol sa pagpunta sa SHS, sa TESDA, o sa College.<br><br>Sa pagtatapos natin ng ating 3 araw, kung may demand para sa mas malalim na sagot tungkol sa SHS, maaari tayong magsagawa ng HERO for SHS Day kung saan: makatanggap ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa SHS Voucher Program, SHS Tracks and Strands, SHS Schools, and SHS admission requirements. Mami-meet din natin ang DepEd at PEAC, at makakasalamuha ang DepEd SHS Graduates!<br><br>Sa isang banda, kung mas marami naman tayong unanswered questions tungkol sa TVET, pwedeng pwede rin tayo magsagawa ng HERO for UpMu Day, kung saan makatanggap ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa TESDA Scholarships, TESDA Priority Sectors, TESDA Schools and Institutions, and Admission Requirements. Mami-meet din natin ang TESDA, at makakasalamuha ang TESDA Completers!<br><br>At higit sa lahat, kung marami pa ring katanungan tungkol sa pagpunta sa kolehiyo, pwede rin tayong magsagawa ng HERO for College Day – kung saan makatanggap ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa **UNIFAST Scholarships and Free Higher Education, makakilala ng mga colleges and universities, at malaman ang admission requirements**. Mami-meet din natin ang CHED, at makakasalamuha ang College graduates! | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 2 mins | 15 | Sa huli ay ninanais nating maging katulad tayo ni Glades, na nakatapos na ng kaniyang pag-aaral sa Senior High, at nagsasabing Huwag mong isipin yung sasabihin ng ibang tao tungkol sa iyo. Gawin mo ito para sa pangarap mo, at basta alam mong wala kang inaapakang tao.- **Basta, reach your goal! Kaya natin 'to."** | |
| 2 mins | 16 | O si Jordan, na nakatapos naman ng TESDA Course sa Computer Systems Programming, na nagsasabing **"Dahil po sa Computer Systems Programming NCII ng TESDA, na-realize ko na yung mga alam ko dati sa computer noon, useful siya. Nabigyang halaga yung aking mga kasanayan.**<br><br>Kaya malaki ang pasasalamat ko sa opportunity na ibinigay ng TESDA Program dahil kung hindi dahil dito, wala po talaga akong magawa, at 'di ko alam kung saan ako tutungo. **Nagkaroon ako ng dahilan para magpatuloy sa buhay."** | |
| 2 mins | 17 | O 'di kaya'y si Dana, na nakatapos naman ng kaniyang College Degree, na nagsasabing **"Kung nagawa niyong makatapos ng ALS, kakayanin niyong makatapos ng kolehiyo. Paniwalaan mo ang iyong sarili, maniwala kang kakayanin mo. Pinili kong mag-aral ng Education kasi naispire ako sa mga ALS Teachers ko kasi grabe ang dedication nila.**<br><br>Gusto kong mag-college kasi sayang yung pinagharapan sa ALS kung hindi ko siya magagamit. Gusto ko ring mag-college kasi alam ko na kapag nakatapos ako ng kolehiyo, mas magkakaroon ako ng mas magandang trabaho. Hindi madali magtrabaho, nagpart-time ako as Service Crew sa isang fastfood chain, pero kapag may tiwala ka sa sarili at disiplina, makakatapos ka rin ng kolehiyo tulad ko."<br><br>Katulad nina Glades, Jordan at Dana, lahat tayo ay kayang kaya ring makapagaral at makatapos mula rito. Tunay ngang testaments of success sina Glades, Jordan at Dana para sa patuloy nating pag-aaral. | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 3 mins | 18 | Sa ating biyaheng HERO, mayroon tayong mga terms na maeencounter. Ilan ang mga sumusunod tulad ng:<br><br>1. HERO Youth – o kayo, mga HERO participants<br>2. Ka-HERO – o ang mga taong makakasama mo sa biyaheng HERO, tulad ng iyong mga kaklase, kaibigan at kapamilya<br>3. HERO Sidekicks – O kaming mga nagtuturo ng HERO, ang inyong mga Facilitators<br>4. Missions – Ang mga lessons na dadaanan natin sa HERO<br>5. HERO Squad – Ang mga grupong bubuuin ninyo sa HERO<br>6. HERO Reunite – Ang pagtawag naman bilang hudyat sa pagbabalik natin sa plenary<br>7. HEROES' Rest – O ang mga pahinga / wellness break at lunch break na ating pagdadaanan | |
| > 1 min | 19 | Ngayon, sagutin na natin – sino nga ba ang mga HEROES? | |
| 7 mins | 20 | Sige, simulan na natin.<br><br>Isipin natin na tayo ay mga superheroes na may mga superpowers.<br><br>Bibigyan ko kayo ng 30 seconds upang sagutin ang tanong na ito "Ano ang iyong superhero name at ano ang iyong superpower?"<br><br>*Magtawag ng mga sumasagot, at pasalamatan sila. Maaari mo ring gawin ito bilang isang think pair share na activity, o gawin pang mas exciting na activity.* | Sa mga pagkakataong walang sumasagot, maaari kang magbigay ng halimbawa at mas i-encourage pa ang mga estudyante na sumagot. |
| 2 mins | 21 | Para sa ating Mission 1, na tinatanong kung Sino ng aba ang ating mga HEROES, mayroon tayong apat na objectives.<br><br>Sa dulo ng ating Mission 1, lahat tayo ay | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | ❑ Maipapaliwanag kung ano ang HERO gamit ang sariling salita<br>❑ Mapili kung aling grupo ang nais salihan: (a) Senior High School, (b) Technical Vocational Education and Training; (c) College<br>❑ Makisali sa isang HERO Squad at makipagtulungan sa mga kapwa ka-HERO upang sagutin ang mga tanong tungkol sa patuloy na pag-aaral<br>❑ At masagutan ang HERO Pre-Test<br><br>Okay! Kung ready na tayo at excited na tayong simulant ang Mission 1, sagutin ang mga sumusunod na tanong sa inyong notebook. | |
| 3 mins | 22 | Question One<br><br>Ako ay:<br>A. Tapos na ng Grade 10 o ALS Junior High School, ngunit hindi pa nakakatapos ng SHS at nais kong makapagtapos ng SHS<br>B. Tapos na ng Grade 10, ALS JHS, o naka-graduate na ng high school, at nagnanais na makakuha ng skills certification mula sa TESDA<br>C. Tapos na ng Senior High School o naka-graduate na ng high school, at nagnanais na makatuntong sa college | |
| 3 mins | 23 | Okay, question number two<br><br>Sa loob ng anim na buwan, nais ko at kaya kong:<br>A. Makatuntong sa SHS<br>B. Makapagsimulang mag-aral ng TESDA course<br>C. Makatuntong sa kolehiyo | |
| 3 mins | 24 | Sa question number three<br><br>Sa loob ng anim na buwan, nakikita ko ang sarili kong: | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | A. Makipag-usap sa aking mga kaibigan tungkol sa SHS<br>B. Mahikayat ang iba na mag-aral ng TESDA Program<br>C. Makatulong sa pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkokolehiyo | |
| 1 min | 25 | Ngayon, kung karamihan ng iyong sagot ay:<br><br>A: Maaari mong ikonsider na pumunta sa grupo para sa HERO for SHS<br><br>Kung B naman: Baka pwede mong ikonsidera na pumunta sa Group B,<br><br>At kung C naman ay ang HERO for College Group.<br><br>Sa isang banda, upang mas matulungan tayong mapili ang grupo na maaari nating puntahan, alamin natin ng mas malalim kung saan ka nga ba pwede tumuloy. | |
| 5 mins | 26 | Ang mga inirerekomendang pumunta sa grupo ng<br>**HERO for SHS** ay ang mga:<br>❑ Nakatapos na ng Grade 10<br>❑ Nakatapos ng ALS Junior High School<br>❑ Nakapasa na sa ALS Accreditation and Equivalency Exam para sa Grade 10, at may Certificate of Rating nang nagsasabing maaari nang pumunta sa SHS<br>❑ Nakatuntong na sa SHS ngunit hindi pa naka-graduate ng high school, at wala pang HS diploma<br>❑ Nakagraduate na mula old HS curriculum ngunit nagnanais ding mag-enroll sa SHS<br>❑ Naghihintay para sa panibagong run ng ALS A&E Exam, at ninanais nang maghanda papuntang SHS | |
| 5 mins | 27 | Ayon sa mga polisiya at patakaran ng<br>**Department of Education** at ng ibang ahensya, | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | ang mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa SHS:<br>✓ Grade 10 Completer (DepEd Order No. 3, s. 2018)<br>✓ Philippine Educational Placement Test (PEPT) Passer or A&E Test Passer (DepEd Order No. 3, s. 2018; DepEd Order No. 25, s. 2016)<br>✓ **OPTIONAL:** HS Graduates of the old Basic Education Curriculum ***may*** enroll in SHS in lieu of the Bridging Program (DepEd Order No. 27, s 2018; DepEd Order No. 25, s. 2016), but are ***not required*** to go to SHS (CHED Memo from the Chair Nov 18, 2020) | |
| 5 mins | 28 | Ang mga inirerekomendang pumunta sa grupo ng<br>**HERO for Upskilling and Multiskilling** ay ang mga:<br>❑ Kasalukuyang nag-aaral ng TVET courses sa alinmang Technical Vocational Institutions o TESDA Technology Institution at nais pang palawakin ng kakayanan upang maging mas handa sa trabaho o negosyo<br>❑ Nakatapos na ng high school mula old HS curriculum o mula SHS, na nagnanais na matuto pa ng karagdagang skills, ngunit hindi pa handang magkolehiyo<br>❑ Nakatapos na ng Grade 10 o ng JHS-level ng ALS, ngunit hindi pa handang tumuntong sa SHS | |
| 5 mins | 29 | Ayon sa mga polisiya at patakaran ng **Technical Education and Skills Development Authority** at ng ibang ahensya,<br>ang mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa TVET:<br>✓ Passers of previous ALS A&E Test HS Level (Nov 2017, Mar 2018, 2019) may take skills development training programs (DepEd Order No. 27, s. 2018)<br>✓ For those who wish to avail of TESDA Scholarships (TESDA Circular No. 11, s. 2020)<br>    ❑ For Training for Work Scholarship Program, **at least 18 yrs old by end of program**<br>    ❑ For Special Training for Employment Program and Private Education Student Financial Assistance, **at least 15 yrs old at start of program**<br>    ❑ For PESFA, must be **at least HS Graduate / Completer** | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | ❑ For Universal Access to Quality Tertiary Education**, at least 10 yrs basic education, ALS Graduates** | |
| 5 mins | 30 | Ang mga inirerekomendang pumunta sa grupo ng **HERO for College** ay ang mga:<br>❑ Nakagraduate ng high school (maaaring mula old HS curriculum o SHS Graduate) at handa at interesadong tumuntong sa college<br>❑ Nakatapos na ng ALS SHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagsasabing handa nang pumunta sa college<br>❑ Nakatuntong na sa college, ngunit hindi pa nakakagraduate at hindi pa nakakakuha ng college degree | |
| 5 mins | 31 | Ayon sa mga polisiya at patakaran ng **Commission on Higher Education,** ang mga sumusunod ang maaaring tumuloy sa college:<br>✓ All graduates of the old Basic Education Curriculum (CHED Memo from the Chair, November 18, 2020)<br>✓ All Grade 12 graduates, regardless of the Track or Strand taken in SHS (CHED Memo from the Chair, November 18, 2020)<br>✓ Passers of the previous ALS Accreditation and Equivalency Tests at HS Level (November 2017, March 2018, and 2019) (CHED Memorandum Order No. 10 s. 2018) (DepEd Order No. 27 s. 2018) | |
| > 1 min | 32 | Ngayong mas alam natin kung sino ang pwede tumuloy sa SHS, sa TVET o sa College, piliin na natin kung anong grupo ang nais niyong puntahan. | |
| 3 mins plus preparation time | 33 | *Divide the class into three groups* | If there are cases na walang grupo na present dahil walang eligible o interested dito, huwag pilitin ang mga estudyante na pumunta sa grupo na ayaw nilang puntahan. Ayos lang din |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | kung may ibang grupo na may mas maraming miyembro kaysa sa iba.<br><br>Kung may pagkakataon din na may "lone member" o grupo na tanging isa lamang ang miyembro, tanungin siya kung okay lang na siya muna mag-isa, o baka maaari niyang ikonsidera ang ibang grupo.<br><br>Muli, susundin natin kung anong grupo ang nais puntahan ng ating mga estudyante. |
| Continuation of prep time | 34 | Ngayon na alam niyo na kung saang grupo kayo pupunta, tumungo na tayo sa exciting part: Ang paggawa ng HERO Squads! | Hayaang i-reconfigure ng mga estudyante ang kanilang mga upuan upang makagawa ng mga HERO Squads. |
| 20 mins | 35 | Kasama ang inyong mga HERO Squadmates, gawin ang mga sumusunod:<br>❑ Squad Name<br>❑ Squad Clap<br>❑ Squad Emblem | |
| 15 mins | 36 | Okay, time's up! Ngayon ishowcase na natin ang inyong mga likha sa harap ng ating headquarters.<br><br>*Call the groups one by one. Remember to call these groups eventually through their Squad Names.* | |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | |
| 20 mins | 37 | Ngayon, bilang tayo ay hiwa-hiwalay na base sa mga grupo na ating pinuntahan – at kung tayo ay pupunta sa SHS, sa TVET, o sa College, mangyaring sagutin natin ang ating short pre-test upang malaman kung ano pa ang mga kailangan nating malaman at kung ano ang alam na natin. | Mayroong tatlong sets ng pre-tests. May Pre Test para sa mga estudyanteng nasa SHS Group, TVET Group, and College Group.<br><br>Naka-attach sa Faci Guide na ito ang kopya ng PreTests. |
| 3 mins | 38 | Mayroon ba kayong mga katanungan? | Kung may mga tanong, sagutin ito kung kaya sagutin. Kung hindi naman ay isulat muna ito sa pisara hanggang mabigyan ng sapat na panahon upang makaresponde sa tanong na ito. |
| 3 mins | 39 | Ngayon na natapos na rin natin ang HERO Mission 1, balikan natin at checkan kung ano ang mga objectives na ating nakamit ngayong araw:<br><br>☑ Ipaliwanag kung ano ang HERO gamit ang sariling salita<br>☑ Mapili kung aling grupo ang nais salihan: (a) Senior High School, (b) Technical Vocational Education and Training; (c) College<br>☑ Sumali sa isang HERO Squad at makipagtulungan sa mga kapwa ka-HERO upang sagutin ang mga tanong tungkol sa patuloy na pag-aaral<br>☑ Sagutan ang HERO Pre-Test | Tumawag din ng mga reflections mula sa mga estudyante, at kung ano ang kanilang pinaka-natutunan sa mission na ito.<br><br>Maaari ring balikan ang mga student expectations na sinulat sa umpisa upang malaman kung na-meet ang expectations ng mga estudyante para sa Mission 1. |
| | 40 | Maraming salamat! See you sa susunod nating mission! | Magpatugtog muli ng mga superhero soundtrack theme songs bilang pangwakas. |

| HERO Mission 01: Sino ang mga HEROES? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | Maaaring sundan na ang HERO Mission 1 ng HERO Mission 2 pagkatapos ng quick na wellness break para sa mga estudyante. |
| **TOTAL MINUTES** | **180 mins** | | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| At least 10 mins before actual start of clock for Registration | 1 | *Greetings*<br>"Good day, mga ka-HERO! Welcome to our second session of HERO, or the Higher-level Education or Training Readiness Orientation. We hope na masustain natin ang ating energy para sa ikalawang session natin.<br><br>"Habang hinihintay natin ang pagsisimula ng ating HERO Run, mangyari lamang na sundin natin ang mga sumusunod na protocols upang maging maayos ang pagpapatakbo natin ng ating session ngayong araw." | Habang hinihintay ang pagsisimula ng HERO, magpatugtog ng mga kanta upang ma-set ang mood ng training. Magandang makapag-play ng mga soundtracks mula sa mga superhero films. |
| Actual Start of Time: 1 min | 2 | Bukas – bukas na isip (welcome new learnings and beginnings, respect the experience of others), bukas na puso (empathy), bukas na palad (willingness to help the self and others)<br><br>Tiwala – know that it is a process, and trust it. Sige lang nang sige. Higit sa lahat, maniwala at magtiwala sa sarili.<br><br>Saya – we are celebrating the gift that is education and the mission that is teaching. Let's collaborate! We are partners! | Kung gagawin ang training online, siguraduhing may accessible na Attendance Sheet para sa mga mag-aaral. Naka-attach ang Attendance Sheet sample sa document na ito.<br><br>Kung Face to Face naman, please print out the Attendance |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | Sheet (one Attendance per Mission) and make sure that the learners sign this before they enter the venue. Naka-attach din ang printable Attendance Sheet sa dulo ng document na ito.<br><br>If Face to Face, prepare simple nametags the youth can wear across the entire duration of HERO. |
| 3 mins | 3 | Sa pagsisimula ng ating HERO Mission, sagutin natin ang tanong na ito - "Mayroon ka bang mga katanungan tungkol sa nakaraang mission?" | Mayroong listahan ng FAQs sa ibaba nito para sa mga tanong na tungkol sa SHS, TVET, o College.<br><br>Kung may mga tanong na hindi kayang masagot sa oras na ito, ilista ito sa blackboard at siguraduhing mabalikan ang mga estudyante tungkol dito.<br><br>Para sa mga teknikal na tanong at mga tanong na hindi madaling sagutin, mangyaring magpadala ng mensahe sa EDC sa email address na CFernando@edc.org |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 3 mins | 4 | Nais ko namang malaman, “Ano ang iyong mga key takeaways mula sa nakaraang mission? (Sino ang mga HEROES?)” | Tangkilikin ang mga takeaways na kanilang nabanggit. Maaari ring ishare muna nila ang kanilang takeaways sa kanilang katabi bago ito ishare sa plenary. |
| 1 min | 5 | Maraming salamat sa inyong mga tanong at reflections!<br><br>Ngayon, ako naman ang may mga tanong. Mayroon lang tayong kaunting review questions upang malaman kung naintindihan natin ang mga kailangan nating maalala tungkol sa further education or training. | |
| 2 mins | 6 | Question No. 1<br><br>Sino ang mga maaaring tumuloy sa Senior High School / Grades 11 and 12? | Sapat nang makapagbigay ang mga magaaral ng isang katangian para dito. |
| 2 mins | 7 | Muli, ang mga maaaring makapunta sa Senior High School Grades 11 and 12 ay ang mga sumusunod:<br>❑ Nakatapos na ng Grade 10<br>❑ Nakatapos ng Junior High School level ng ALS<br>❑ Nakapasa na sa ALS Accreditation and Equivalency Exam para sa Grade 10, at may Certificate of Rating nang nagsasabing maaari nang pumunta sa SHS<br>❑ Nakatuntong na sa SHS ngunit hindi pa naka-graduate ng high school, at wala pang HS diploma<br>❑ Nakagraduate na mula old HS curriculum ngunit nagnanais ding mag-enroll sa SHS<br>❑ Naghihintay para sa panibagong run ng ALS A&E Exam, at ninanais nang maghanda papuntang SHS | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 2 mins | 8 | Question No. 2<br><br>Sino naman ang maaaring tumuloy sa Technical Vocational Education and Training / TESDA Courses? | Sapat nang makapagbigay ang mga magaaral ng isang katangian para dito. |
| 2 mins | 9 | Ang mga inirerekomendang tumuloy sa Technical Vocational Education and Training Upskilling and Multiskilling ay ang mga sumusunod:<br>❑ Kasalukuyang nag-aaral ng TVET courses sa alinmang Technical Vocational Institutions o TESDA Technology Institution at nais pang palawakin ng kakayanan upang maging mas handa sa trabaho o negosyo<br>❑ Nakatapos na ng high school mula old HS curriculum o mula SHS, na nagnanais na matuto pa ng karagdagang skills, ngunit hindi pa handang magkolehiyo<br>❑ Nakatapos na ng Grade 10 o ng JHS-level ng ALS, ngunit hindi pa handang tumuntong sa SHS | |
| 2 mins | 10 | Question No. 3<br><br>Sino ang mga maaaring tumuloy sa tertiary level education / college? | Sapat nang makapagbigay ang mga magaaral ng isang katangian para dito. |
| 2 mins | 11 | Ang mga inirerekomendang pumunta sa kolehiyo ay ang mga sumusunod:<br>❑ Nakagraduate ng high school (maaaring mula old HS curriculum o SHS Graduate) at handa at interesadong tumuntong sa college<br>❑ Nakatapos na ng ALS SHS program, at mayroon nang Certificate of Completion na nagsasabing handa nang pumunta sa college<br>❑ Nakatuntong na sa college, ngunit hindi pa nakakagraduate at hindi pa nakakakuha ng college degree | |
| 2 mins | 12 | Final Question natin ay:<br><br>Ano ang HERO? | Allow and encourage the students to share their |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Ano ang mga missions nito? | responses using their own words. |
| 4 mins | 13 | Muli, ang HERO o ang Higher-level Education or Training Readiness Orientation ay tutulong sa iyong maging mas handa papunta sa mas mataas na antas ng edukasyon.<br><br>Sa ating HERO, mayroon tayong anim na Missions. Bawat mission, sasagutin natin ang anim na malalaking tanong, na gagabay sa atin upang mas maihanda natin ang ating mga sarili papunta sa mas mataas na antas ng edukasyon.<br><br>Ang anim na tanong ay ang sumusunod:<br>1. Sino ang mga HEROES? Sa araw na ito, sasagutin natin ang tanong na "Sino ang mga HEROES" Sa Mission na ito, sasagutin at aalamin natin kung sino ng aba ang mga HEROES natin sa ating mga sessions na ito, at kung ano anong landas ang pwedeng tahakin ng ating mga HEROES!<br><br>2. Ang Mission 2 naman ay susubukang sagutin ang tanong na "Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral?" Sa Mission 2, mas lalaliman natin ang ating pag-alam kung bakit natin nais magaral pang muli, para saan, at para kanino.<br><br>3. Sa Mission 3, sasagutin naman natin ang tanong na "Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?" Sa Mission na ito, aalamin natin kung paano tayo makakapagaral nang libre, at kung ano ano ang mga scholarship or student financial assistance programs na pwede nating applyan.<br><br>4. Sa Mission 4, sasagutin naman natin ang tanong na "Ano ang maaari mong aralin?" Sa Mission 4, aalamin natin kung ano ang mga maaari mong aralin, at kung paano ka makapupunta sa isang antas mula sa isa. | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | 5. Sa Mission 5, sasagutin natin ang tanong na "Saan ka pwedeng mag-aral?" Dito natin aalamin ang iba't ibang uri ng paaralan na pwede nating puntahan, at kung paano ito makakaapekto sa uri ng pagpopondo na maaari nating applyan.<br><br>6. At ang pinakahuling mission ay ang "Maghanda na!" kung saan aalamin natin ang mga dokumentong kailangan nating isubmit, habang inaalam din natin kung ano ang mga tips and tricks upang mas maging handa tayo para sa ating pag-aaral. | |
| | 14 | Ngayon ay papunta na tayo sa ating ikalawang mission:<br>Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral? | |
| > 1 min | 15 | *Show title slide* | |
| 2 mins | 16 | Sa Mission 2, mayroon tayong mga objectives. Maaari mo bang banggitin kung ano ang mga objectives na ito?<br><br>*Call student to read objectives*<br><br>❑ Magbigay ng sagot kung bakit nais mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, at maipamahagi ang sagot sa mga ka-HERO<br>❑ Makatukoy ng iba't ibang hamon na kinakaharap patungkol sa patuloy na pag-aaral, at makapagbigay ng iba't ibang suhestyon kung paano matutugunan ang mga hamon na ito<br>❑ Maipaliwanag ang HERO Mindset gamit ang sariling salita | Maaari ring magtanong o magbigay ng ilang minuto para sa mga estudyante na makapagbigay ng personal na objective sa mission na ito, na tahi o aligned sa Mission 2. |

<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td>5 mins</td><td>17</td><td>Upang simulan ang ating Mission ngayong araw, sagutin natin ang tanong na ito: Para kanino o para saan ka bumabangon?</td><td>Kumuha ng lima hanggang pitong responses dito.<br><br>Pagkatapos ay iprocess ito kasama sila.<br><br>(Ang key message o intent kung bakit natin ito tinatanong ay upang makita mga estudyante na ang mga desisyon at ginagawa nila ay may mas higit pang dahilan, maaaring para sa sarili, sa pamilya, o sa bayan. At dahil dito, bilang HEROES, malaki ang kanilang pangarap dahil malaki rin ang kanilang gampanin.)</td></tr>
<tr><td>1 min</td><td>18</td><td>Maraming salamat sa mga nagpahayag ng kanilang mga sagot tungkol dito.<br><br>Ngayon, bago tayo magpatuloy na sagutin kung bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral, sagutin din muna natin at balikan kung sino nga ba ang HERO Youth?</td><td></td></tr>
<tr><td>3 mins</td><td>19</td><td>Ayon sa aming pagsasaliksik, ang ating HERO Youth ay:<br>1. Kabilang sa populasyon na nasa 15-24 yrs old, at kasama sa henerasyon ng mga GenZ<br>2. May “competitive spirit” at nais nilang maging independent<br>3. Considered na mga “digital natives”, at likas sa kanila ang pagiging magaling sa mga makabagong teknolohiya<br>4. May kapasidad silang magmulti-task<br>5. May likas na creativity, entrepreneurial mindset, grit at resilience</td><td></td></tr>
</table>

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | May mga katangian ba rito na malapit sa iyo, o sa iyong paniniwala ay totoo tungkol sa inyo? | |
| 3 mins | 20 | Ayon naman sa research ng Philippine Institute for Development Studies, ang mga kabataang NEET – o Not in Education, Employment or Training – ay nangangarap na maipagpatuloy nila ang kanilang pagaaral upang:<br><br>1. 46.9% - Learn techvoc skills<br>2. 38.3% - Get a job after<br>3. 5.4% - Promotion or better job<br><br>Ilan pa sa mga sumusunod na dahilan ng kanilang pangangarap na mag-aral ng TVET ay:<br>a. Training is free (4.3%)<br>b. Friend recommendation (1.5%)<br>c. Keep oneself busy (1.2%)<br><br>May mga katangian ba rito na malapit sa iyo, o sa iyong paniniwala ay totoo tungkol sa inyo? Ikaw, bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral? | Para sa trainers, maaari ring basahin ang full research ng PIDS sa link na ito: |
| 1 min | 21 | Naiintindihan natin na may mga strengths ang ating HERO Youth, at may mga bagay kung saan tayo likas ma mahusay.<br><br>Ngunit, hindi rin madali maging isang HERO Youth. | |
| 2 mins | 22 | Ayon sa aming pagsasaliksik, ang tipikal na mga hamon ng ating mga HERO Youth ay:<br>1. 49.5% - Financial Problems<br>2. 29.3% - Time constraints<br>3. 11.1% - Family priorities | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Base ito sa isang survey na ginawa ng EDC mula sa isang daang kabataan mula sa iba't ibang lugar ng bansa.<br><br>Ilan pa sa mga sumusunod na hamon ay:<br>a. Technological challenges (ie slow internet; lacks gadget/mobile phone)<br>b. Lack of proper guidance<br>c. Lack of parental support | |
| 2 mins | 23 | Ayon din sa isa pang pagsasaliksik, ang tipikal na hamon na hinaharap ng Youth NEET sa Pilipinas tungkol sa pag-attend sa TESDA Courses ay:<br>1. 47.5% - No funds for tuition or allowance<br>2. 11.0% - Housework or caring duties<br>3. 10.0% - Working or seeking work<br><br>Ilan pa sa mga sumusunod na hamon ay:<br>a. School accessibility (7.9%)<br>b. No plans yet (4.1%)<br>c. Parents don't approve (1.2%)<br><br>May mga hamon ba rito na malapit sa iyo, o sa iyong paniniwala ay totoo tungkol sa inyo? | Tumawag ng isa hanggang dalawang respondents.<br>Para sa trainers, maaari ring basahin ang full research ng PIDS sa link na ito: |
| 1 min | 24 | Ngayon sagutin natin – bakit nga ba gusto o nais mong maipagpatuloy ang iyong pag-aaral? Sasagutin natin ito gamit ang isang activity. | |
| 1 min | 25 | Naalala natin na mayroon na tayong nasagutang ganitong similar na activity mula sa POY. Sa ating HERO Activity naman, maaari ninyong balikan kung ano ang | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | inyong isinulat dito upang mas mabigyan kayo ng konkretong dahilan kung bakit nais niyong mag-aral muli. | |
| 1 min | 26 | Sasagutin natin ang tanong na ito gamit ang ating BiyaHERO Let's Go Worksheet. | Nakalakip ang BiyaHERO Let's Go Worksheet sa handouts ng ating mga estudyante sa Page XX. |
| 1 min | 27 | Mayroong limang tanong o hakbang ang ating BiyaHERO Let's Go Worksheet.<br>Sa unang tanong, sagutin natin ang tanong na: Bakit nais mong maipagpatuloy ang iyong pag-aaral? | |
| 1 min | 28 | Sa pangalawang hakbang naman ay ang pagsagot natin sa tanong na:<br>Ano ang mga hamon na iyong kinakaharap patungkol sa patuloy na pag-aaral? | |
| 1 min | 29 | Sa ikatlong hakbang naman ay:<br>Ano ang iyong kakailanganin upang masolusyunan ang mga hamon na iyong kinakaharap? | |
| 1 min | 30 | Sa ikaapat na hakbang naman ay:<br>Ano at sino ang maaari mong lapitan upang makakuha ng suporta para sa patuloy na pag-aaral? | |
| 1 min | 31 | At sa ikalimang hakbang naman ay:<br>Isipin na nakapagtapos ka na ng pag-aaral! Ano ang nais mong sabihin sa mas nakababata mong sarili? | |
| 10 mins | 32 | Bibigyan ko kayo ng 10 minuto upang masagutan ang limang hakbang na ito. | Matatagpuan ang BiyaHERO worksheet sa page (xx) ng kanilang youth handouts. |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 1 min | 33 | Okay, time's up! Ngayon ay ishare natin ang ating mga kasagutan sa ating mga HERO Squadmates. Mayroon naman tayong ginawang group activity para sa inyo. | |
| 10 mins | 34 | Para sa ating group activity, mag-assign ng isang group leader upang magfacilitate ng inyong discussion, at upang pagusapan ang mga sumusunod. Mag-assign din ng isang Scribe na magsusulat ng responses sa manila paper, at ng dalawang reporters para sa sharing mamaya.<br><br>1. Gumuhit ng isang BiyaHERO map sa manila paper, kamukha ng BiyaHERO map sa inyong handouts.<br><br>2. Isulat ang mga sumusunod:<br>a. Sa unang kahon, isulat ang mga keywords ng inyong squadmates kung ano ang kanilang mga dahilan kung bakit nais nilang ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral?<br>b. Sa ikalawang hakbang, magsulat ng keywords tungkol sa mga hamon na kinakaharap nila patungkol sa pag-aaral<br>c. Sa ikatlong hakbang, magsulat din ng keywords kung ano ang kanilang kakailanganin upang masolusyunan ang mga hamon na kinakaharap<br>d. Sa ikaapat na kahon, isulat din ang keywords kung sino ang maaaring lapitan ng inyong HERO Squadmates upang makakuha ng suporta para sa patuloy na pagaaral<br>e. At sa ikalimang kahon, isulat ang keywords ng mga salitang nais sabihin ng inyong squadmates sa mga mas nakakabata nilang sarili<br><br>Isulat ang mga keywords na ito, kahit one keyword lamang per Squadmate per box. Bibigyan ko kayo ng 10 minutes para sa activity na ito.<br><br>*After 10 mins* | Siguraduhing bawat squad ay may manila paper, markers, masking tape, and iba pang coloring materials. Maglaan din ng "emergency materials" para may mabilis kang mapagkukunan ng materials habang nagpapatuloy sila ng kanilang discussion.<br><br>I-time din ang timer sa 10 minutes para sa kanilang discussion. |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Ngayong tapos na tayo, maaari ba nating ishare ang inyong group outputs sa plenary? Nais ko nang tawagin ang dalawang reporters per squad. | |
| 20 mins for group presentations | 35 | Maraming salamat sa pagbabahagi ng inyong mga puso para sa activity na ito.<br><br>Ngayon, alamin natin, ano nga ba ang tipikal na mga dahilan ng mga tao kung bakit nais nilang ipagpatuloy ang kanilang pagaaral? | |
| 7 mins | 36 | Base sa aming pagsasaliksik, mayroon daw limang dahilan kung bakit nagpapatuloy ang mga tao sa pag-aaral. Ang limang ito ay:<br><br>1. Pag-asenso sa Trabaho<br>2. Pag-iba ng Direksyon<br>3. Pagiging isang Halimbawa<br>4. Pagtupad sa Pangarap<br>5. Pagkakaroon ng Tiwala sa Sarili<br><br>Alin sa mga dahilan na ito ang pinakamalapit sa inyo?<br><br>*Call for some students to share responses.* | Tumawag ng isa hanggang dalawang respondents. |
| 2 mins | 37 | Ngayon, mayroon rin tayong sample na story mula kay Ruffa. Si Ruffa ay isang SHS Graduate na aming nainterview mula sa Cebu.Maaari ba nating basahin ang kwento ni Ruffa kung bakit nais niyang magpatuloy sa pagaaral?<br><br>"Gusto kong mag-Senior High kasi kaunti lang din ang natutunan ko dati. Gusto ko pong mag-Senior High kasi kaunti palang yung stock knowledge ko, at maging mas confident akong humarap sa ibang tao. Kapag kasi nag-college ka diretso, lalo at galing ako ng ALS, hindi ko talaga kakayanin | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 4 mins | 38 | "Sa mga susunod na taon, kapag ready na akong mag-college, gusto kong maging pulis. Gusto kong maging pulis para mapatupad ang batas. Dahil maraming taong lumalabag sa batas at gusto din maging police para matulungan ko aking pamilya na maihahon sa kahirapan ang buhay at para maproteksyunan ang aking pamilya at mga taong inaapi. At para mabigyan ng karapatan magsalita ang mga tao at mabigyan hustisya ang mga taong hindi nabigyan ng hustisya."<br><br>Ayon sa ating nabasa, bakit daw nais mag-aral muli ni Ruffa?<br>Magkaparehas ba kayo ng dahilan, o magkaiba? | Tumawag ng isa hanggang dalawang respondents. |
| 1 min | 39 | Kagaya rin ng natalakat ninyo sa inyong HERO Squads, may mga hamong kinakaharap ang mga estudyante sa pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral. Alamin natin kung ano ang mga hamon ni Ruffa | |
| 3 mins | 40 | Maaari ba nating basahin ang kwento ni Ruffa kung ano ang mga kinakaharap niyang hamon?<br><br>"Minsan talagang kailangang mag-budget talaga. Minsan yung pera mo pang-snacks, minsan gagamitin mo pang-gastos sa project talaga. Ngayon, online talaga yung Grade 12 namin. Mahirap din kasi walang nagdidiscuss nung ibang lessons. Pero nagpapasalamat pa rin kami sa mga teachers naming para makapagpatuloy yung mga gusto mag-aral. Madalas din, dito sa Senior High, kailangan intindihin mo talaga lahat mag-isa. Pero dapat matutong humingi ng tulong mula sa mga kaklase mo."<br><br>Magkaparehas ba kayo ng mga hamon, o magkaiba?<br>Ano daw ang payo ni Ruffa upang malampasan ang mga hamon na ito? | Tumawag ng isa hanggang dalawang respondents. |
| 1 min | 41 | Upang simulan nating tugunan ang mga hamon na ating kinakaharap, kilalanin natin ang HERO Mindset gamit ang isang activity. | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 15 mins | 42 | Sa activity na ito, nais ko kayong imbitahan na buksan ang ating mga puso. Alam natin na may kapangyarihan ang bawat salita, kaya inaanyayahan ko kayong baguhin at mga pangungusap na ito.<br><br>Alam natin na hindi totoo ang mga pangungusap na ito, ngunit hindi rin makakailang narinig natin ito kahit isang beses. Upang mayakap natin ang HERO Mindset, kailangan nating basagin ang mga sumusunod na pangungusap.<br><br>*Ipakita ang unang pangungusap*<br>"Huwag ka nalang mag-aral kasi matanda ka na."<br><br>Paano natin babaguhin ang pangungusap na ito? Ano ang nais mong sabihin ireply, o ituro sa mga taong nagsasabi ng ganito?<br><br>Paano naman sa katagang ito:<br>*"Hindi mo kaya kasi babae ka."*<br><br>Ano naman ang nais mong sabihin sa mga taong nagsasabi ng ganito:<br>*"Sigurado kang mag-aaral ulit? Baka hindi mo kayanin."*<br><br>At ano naman ang nais mong sabihin sa mga taong ganito ang sinasabi:<br>*"Baka hanggang diyan ka nalang."* | Maaaring maging emotional ang parting ito, lalo at baka maging personal ang mga diskusyon at sharings ng mga kabataan, lalo at sensitibo ang mga nakasulat na pangungusap.<br><br>Hayaan silang ipahayag ang kanilang nararamdaman.<br><br>Kung mayroong dapat na gawin dito, ito ay ang makinig sa kanilang mga sentimiyento. Isipin natin na matagal na walang nakikinig sa kanila, at binibigyan natin sila ng espasyo at pagkakataon upang mailabas nila ang kanilang nararamdaman. |
| 2 mins | 43 | Isigaw natin at banggitin ang mga sumusunod na pangungusap, dahil alam natin kung ano ang totoo.<br><br>"Walang edad ang patuloy na pag-aaral.<br>Kaya kong patunayan sa sarili ko,<br>at sa ibang tao, na kaya ko.<br>Walang hadlang sa pag-aaral." | Maaaring magtawag ng youth dito upang magshare ng kaniyang sentimiyento. |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 2 mins | 44 | "Babae, lalaki, bakla, o tomboy,<br>lahat ng kasarian, lahat ng tao,<br>may karapatan at kakayahan<br>na mag-aral." | Maaaring magtawag ng youth dito upang magshare ng kaniyang sentimiyento. |
| 2 mins | 45 | "Siguradong sigurado ako!<br>Mag-aaral akong muli.<br>Kayang kaya ko ito!" | Maaaring magtawag ng youth dito upang magshare ng kaniyang sentimiyento. |
| 2 mins | 46 | "Hindi ako hanggang dito nalang.<br>Papatunayan ko sa mga kakilala ko,<br>at sa aking sarili,<br>na mas marami pa akong mararating." | Maaaring magtawag ng youth dito upang magshare ng kaniyang sentimiyento. |
| 3 mins | 47 | Bilang pagyakap kung ano ang kaya natin, at kung paano tayo magiging matagumpay sa ating pagnanais na magpatuloy pa sa ating pag-aaral, nais nating suotin ang ating HERO Mindset.<br><br>Ang HERO Mindset ay ang ating paniniwala na ang lahat ng tao, anuman ang kanilang estado sa buhay, ay maaaring makapunta sa higher-level education pathway na nais niyang puntahan.<br><br>Gamit ang HERO Mindset, kailangan nating maintindihan na may mga kinakaharap na hamon ang mga HERO Youth na ating tinutugunan. | Simulan muling buhayin ang session, muli sa sakit ay kailangang ibalik ang sigla. Na andito ang kanilang mga ka-HERO, na andito ang mga taong aalalay sa kanila at susuporta. Kailangan nilang maramdaman na malakas sila, at mayroon silang masasandalan sa panahon ng pangamba. |
| 3 mins | 48 | **Ang HERO Mindset**<br>Gamit ang HERO Mindset, nagagawa natin ang dalawang mahalagang hakbang na ito: | Maaaring magtawag ng youth dito upang magshare ng kaniyang sentimiyento. |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | 1. Bigyang suporta ang ating mga kabataan papuntang higher-level education, gamit ang pagpapalakas ng kanilang mga kalakasan<br>2. Bigyang suporta ang ating mga kabataan papuntang higher-level education, gamit ang pagbibigay empathy at proactive na response sa mga hamon na kanilang kinakaharap | |
| 5 mins | 49 | Sa ating mas malalim pang pagunawa tungkol sa HERO Mindset, iniimbitahan ko rin kayong magsulat ng dalawang maikling inspirational messages para sa inyong sarili. Maaaring ito ang mga pangungusap na gustong gusto mong marinig. Maikling mga mensahe lamang upang maremind tayo kung para saan, para kanino, at bakit tayo patuloy pang umaaksyon para sa ating mga pangarap. | |
| 2 mins | 50 | Ngayon ay:<br>1. Bubuo tayo ngayon ng dalawang malaking grupo. May Group A, at Group B.<br>2. Gagawa ang bawat grupo ng malaking bilog.<br>3. Sa Unang Round, ang Group A ay magiging ang ating Inner Circle, at ang Group B naman ang nasa Outer Circle.<br>4. Uupo ang Group A (Inner Circle) sa mga upuan, habang tatayo naman sa labas ng Inner Circle ang Group B. | Maaari ring bumuo ng mga mini groups kaysa dalawang malaking bilog lamang. Maganda kung ang bawat circle ay binubuo lamang ng 5-7 members. |
| 2 mins | 51 | 5. Habang nakapikit ang mga nasa Inner Circle ay ibubulong ng mga tao mula sa Outer Circle ang kani-kanilang inspirational messages.<br>6. Iikot ng clockwise ang Outer Circle, habang mananatili sa kanilang posisyon ang mga nasa Inner Circle.<br>7. Kapag tapos nang sabihin ni Group B ang mga mensahe kay Group A, magpapalit sila ng posisyon upang si Group A naman ang magsabi ng mga mensahe kay Group B. | |
| 25 mins | 52 | *Gawin ang HERO Mindset Activity.* | |

| HERO Mission 02: Bakit nais mong magpatuloy sa iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 1 min | 53 | Ang sagot natin kung "bakit" nais nating ipagpatuloy ang ating pag-aaral ang patuloy na tutulak sa atin upang pagtagumpayan ang mga hamon. | |
| 1 min | 54 | Tandaan na 'di ka nag-iisa.<br>Mula ngayon, kasama mo na kaming iyong mga ka-HERO. | |
| 3 mins | 55 | Ngayon, check-an natin ang mga Objectives na ating naacomplish sa araw na ito:<br>☑ Magbigay ng sagot kung bakit nais mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral, at maipamahagi ang sagot sa mga ka-HERO<br>☑ Makatukoy ng iba't ibang hamon na kinakaharap patungkol sa patuloy na pag-aaral, at makapagbigay ng iba't ibang suhestyon kung paano matutugunan ang mga hamon na ito<br>☑ Maipaliwanag ang HERO Mindset gamit ang sariling salita | Tumawag din ng mga reflections mula sa mga estudyante, at kung ano ang kanilang pinaka-natutunan sa mission na ito.<br><br>Maaari ring balikan ang mga student expectations na sinulat sa umpisa upang malaman kung na-meet ang personal objectives ng ating mga estudyante. |
| End of Day | 56 | *Show title slide* | Magpatugtog muli ng mga superhero soundtrack theme songs bilang pangwakas. |
| **TOTAL MINUTES** | **180 mins** | | |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| At least 10 mins before actual start of clock for Registration | 1 | *Greetings*<br>"Good day, mga ka-HERO! Welcome to our third session of HERO, or the Higher-level Education or Training Readiness Orientation. We are all excited for today's session!<br><br>"Habang hinihintay natin ang pagsisimula ng ating HERO Run, mangyari lamang na sundin natin ang mga sumusunod na protocols upang maging maayos ang pagpapatakbo natin ng ating session ngayong araw." | Habang hinihintay ang pagsisimula ng HERO, magpatugtog ng mga kanta upang ma-set ang mood ng training. Magandang makapag-play ng mga soundtracks mula sa mga superhero films. |
| Actual Start of Time: 1 min | 2 | Bukas – bukas na isip (welcome new learnings and beginnings, respect the experience of others), bukas na puso (empathy), bukas na palad (willingness to help the self and others)<br><br>Tiwala – know that it is a process, and trust it. Sige lang nang sige. Higit sa lahat, maniwala at magtiwala sa sarili.<br><br>Saya – we are celebrating the gift that is education and the mission that is teaching. Let's collaborate! We are partners! | Kung gagawin ang training online, siguraduhing may accessible na Attendance Sheet para sa mga mag-aaral. Naka-attach ang Attendance Sheet sample sa document na ito.<br><br>Kung Face to Face naman, please print out the Attendance Sheet (one Attendance per Mission) and make sure that the learners sign this before they enter the venue. Naka-attach din ang printable Attendance Sheet sa dulo ng document na ito.<br><br>If Face to Face, prepare simple nametags the youth can wear across the entire duration of HERO. |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | |
| 3 mins | 3 | Sa pagsisimula ng ating HERO Mission, sagutin natin ang tanong na ito - "Mayroon ka bang mga katanungan tungkol sa nakaraang mission?" | Mayroong listahan ng FAQs sa ibaba nito para sa mga tanong na tungkol sa SHS, TVET, o College.<br><br>Kung may mga tanong na hindi kayang masagot sa oras na ito, ilista ito sa blackboard at siguraduhing mabalikan ang mga estudyante tungkol dito.<br><br>Para sa mga teknikal na tanong at mga tanong na hindi madaling sagutin, mangyaring magpadala ng mensahe sa EDC sa email address na CFernando@edc.org |
| 3 mins | 4 | Nais ko namang malaman, "Ano ang iyong mga key takeaways mula sa nakaraang mission? (Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral?" | Tangkilikin ang mga takeaways na kanilang nabanggit. Maaari ring ishare muna nila ang kanilang takeaways sa kanilang katabi bago ito ishare sa plenary. |
| 1 min | 5 | Maraming salamat sa inyong mga tanong at reflections! | |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Ngayon, ako naman ang may mga tanong. Mayroon lang tayong kaunting review questions upang malaman kung naintindihan natin ang mga kailangan nating maalala tungkol sa further education or training. | |
| 5 min | 6 | Ang review question natin para sa araw na ito ay "Ano ang HERO Mindset at bakit ito mahalaga?" | |
| 2 min | 7 | Sa nakaraan nating mission, nasagot natin ang mga tanong na:<br>❑ Mission 1: Sino ang mga HEROES?, at<br>❑ Mission 2: Bakit nais mong magpatuloy sa pag-aaral? | |
| 1 min | 8 | Sa Mission natin ngayon, sasagutin natin ang tanong na "Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?" | |
| > 1 min | 9 | *Show title slide* | |
| 4 mins | 10 | Sa Mission natin ngayon, sasagutin natin ang mga Objectives na:<br>❑ Alamin ang pagkakaiba ng direkta at hindi direktanong bayarin patungkol sa pagpapatuloy ng iyong pag-aaral<br>❑ Makilala ang iba't ibang ahensya na maaaring tumulong sa iyo upang matustusan ang mga direkta at hindi direktang bayarin sa pag-aaral<br>❑ Magbahagi ng impormasyon sa iyong mga ka-HERO patungkol sa mga scholarships at iba pang financial assistance programs upang mapagpatuloy ang inyong pag-aaral<br><br>Bago tayo magpatuloy, nais kong tanungin kung klaro ang mga objectives natin ngayong araw; at kung mayroon pa kayong ibang katanungan. | |

<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td>Kung wala naman kayong ibang katanungan, nais kong tanungin kung ready na kayo mga ka-HEROES?<br><br>Do the chant "HERO HERO HERO" "Ready Ready Ready!"</td><td></td></tr>
<tr><td>3 min</td><td>11</td><td>Alright! Bilang ready na tayo sa ating mission, nais kong malaman ang mga kasagutan niyo sa tanong na ito:<br><br>"Ano-ano ang mga gastusin o bayarin para sa pagpapatuloy iyong pag-aaral?"</td><td>Ilista ang mga isasagot ng ating mga estudyante. Magandang isulat ito sa isang blackboard.<br><br>Habang inililista ang mga kasagutan, ayusin ang pagkakasulat sa ganitong paraan:<br><br><table><tr><td>Hanay A</td><td>Hanay B</td></tr><tr><td>Tuition Fee</td><td>Uniporme<br>Internet<br>Notebook<br>etc.</td></tr></table><br>Mahalagang maihiwalay ang "Tuition Fee" mula sa ibang uri ng bayarin.</td></tr>
<tr><td>1 min</td><td>11 (continuation)</td><td>Nakikita natin sa ating blackboard kung ano yung iba't ibang uri ng bayarin na inyong nabanggit. Ano kaya yung pagkakaiba ng mga bagay na nakasulat sa Hanay A, mula sa items na nakasulat sa Hanay B?</td><td></td></tr>
<tr><td>2 min</td><td>12</td><td>Sa araling ito, aalamin natin kung ano ang pagkakaiba ng dalawang uri ng bayarin.</td><td></td></tr>
</table>

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 2 min | 13 | Ang unang bayarin na ating dapat malaman ay ang "Direktang bayarin" – Ang direktang bayarin ay ang mga bayarin na direktang ibinabayad sa paaralan upang ikaw ay makapag-aral. Ang halimbawa nito ay ang "Tuition Fee." | Maganda na pagkatapos mai-discuss ang "Direktang Bayarin" ay isulat ang salitang "Direktang Bayarin" sa pisara, sa itaas ng Hanay A. |
| 2 min | 14 | Ang ikalawang bayarin naman ay ang mga Hindi Direktang Bayarin. Ito ang mga gastusin na hindi direktang ibinabayad sa paaralan, ngunit kinakailangan pa ring pag-ipunan upang maipagpatuloy mo ang iyong pag-aaral. Ang ilang halimabawa nito ay ang inyong mga nabanggit, tulad na pamasahe, pang-baon, pang-proyekto, at pang-internet. | Maganda na pagkatapos mai-discuss ang "Hindi Direktang Bayarin" ay isulat ang salitang "Hindi Direktang Bayarin" sa pisara, sa itaas ng Hanay B. |
| 1 min | 15 | Ang kombinasyon ng Direkta at Hindi Direktang Bayarin ay ang kabuuang bayarin ng ating pag-aaral. | |
| 1 min | 16 | Sa kabilang dako, may mga paraan upang matustusan ang mga Direkta at Hindi Direktang Bayarin. Napakaraming paraan upang ito ay maging Libre. Ngayon, alamin natin kung ano ang mga ito. | |
| 1 min | 17 | Una, alamin natin kung paano magiging Libre ang mga Direktang Bayarin. | |
| 1 min | 18 | Muli, ang Direktang Bayarin, ang mga bayarin na direktang ibinabayad sa ating mga paaralan – tulad ng Tuition Fee. | |
| 3 min | 19 | Okay! Ang pinaka-mahalagang impormasyon na kailangan nating malaman at matutunan ngayong araw ay:<br><br>**Bilang isang Pilipino, karapatan mo ang libreng pag-aaral sa anumang pampublikong paaralan.** | |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Sa katotohahan, isa ito sa sampung karapatan mo bilang isang kabataan – at nakasulat ito sa ating batas.<br><br>Ayon sa Republic Act 9155, karapatan ng lahat ng Pilipino ang libreng edukasyon sa elementary at high school level, at kasama rin dito ang libreng pag-aaral sa alternative learning system para sa lahat ng out-of-school youth at adult learners. | |
| 3 min | 20 | **Bilang isang Pilipino, karapatan mo ang libreng pag-aaral sa pampublikong paaralan para sa TVET.**<br>Ayon sa Republic Act 10931, "It is the policy of the state to protect and promote the rights of all students to quality education at all levels."<br><br>**Section 5. Free TVET in Post-Secondary TVIs.**<br>All Filipino students who are currently enrolled, or shall enroll at any time thereafter in any post-secondary TVET leading to nondegree certificate or diploma programs offered by any **state-run TVI under TESDA** shall be exempt from paying tuition and other school fees." | |
| 3 min | 21 | Sa katotohanan, libre din ang pag-aaral sa kolehiyo!<br><br>Ayon naman sa Republic Act 10931, libre na ang pagkuha ng bachelor's degree, certificate degree sa mga kolehiyo at unibersidad, o anumang degree na inihahandog ng mga **pamublikong kolehiyo at unibersidad**. Tinatawag din natin silang "state universities or colleges" at "local universities and colleges". | Magandang mailista sa loob ng silid aralan ang mga importanteng terminolohiya tulad ng: TVI, TTI, SUC, LUC, SHS |
| 2 min | 22 | Muli, tandaan natin na kung nais mong mag-aral ng SHS, TVET o College sa mga pampublikong Senior High School, TVET o College – AUTOMATIC nang LIBRE ang Tuition Fees. | |

<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td>1 min</td><td>23</td><td>Ngunit, maaaring tanungin nyo rin – kung libre ang pag-aaral sa public SHS, TTI, Colleges and Universities – pwede kaya magiging libre ang mga DIREKTANG BAYARIN sa PRIVATE SCHOOLS?</td><td></td></tr>
<tr><td>1 min</td><td>24</td><td>Ang malakas na sagot natin ay “Oo!<br>Maraming tulong pinansiyal na maaaring tumulong sa iyo upang maging libre ang direktang bayarin sa mga pribadong paaralan.</td><td></td></tr>
<tr><td>3 min</td><td>25</td><td>Mayroon ka bang ideya kung paano magiging LIBRE ang DIREKTANG BAYARIN sa mga PRIBADONG PAARALAN?</td><td>Kumuha ng ilang kasagutan mula sa mga estudyante.<br>Ang ibang kasagutan dito ay:<br>1. Scholarships<br>2. Student Financial<br>3. Tulong mula sa pamilya o iba pang kakilala</td></tr>
<tr><td>7 min</td><td>26</td><td>Tama ang inyong mga nabanggit! Alamin natin ang tatlong pamamaraan upang maging libre ang direktang bayarin sa mga Pribadong Paaralan:<br><table><tr><td>NATIONAL</td><td>Saan ka man sa bansa, maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal na ito, dahil mayroong public at private agencies na tutulong sa'yo para dito.</td></tr><tr><td>CITY BASED</td><td>Maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal na ito kung mayroong naghahandog na public o private agency sa inyong siyudad.</td></tr><tr><td>SCHOOL BASED</td><td>Maaari kang makakuha ng tulong pinansiyal na ito depende kung ino-offer ito ng private school na nais mong pasukan.</td></tr></table></td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td>7 min</td><td>27</td><td>Para sa mga nais mag-aral ng Senior High School, narito ang tatlong uri ng funding na maaari mong applyan:
<table>
<tr><td>NATIONAL</td><td>Lumapit sa DepEd at sa Private Education Assistance Committee. Kung nais mong mag-aral sa private SHSs, mayroong DepEd SHS Voucher Program na nag-aabang para sa'yo!</td></tr>
<tr><td>CITY BASED</td><td>Lumapit sa LGU. Maaari ring may handog na tulong pinansiyal ang inyong lokal na pamahalaan para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa private Senior High Schools</td></tr>
<tr><td>SCHOOL BASED</td><td>Huwag mahiyang magtanong sa Private SHS.<br>Kung sakaling hindi sapat ang halaga ng DepEd SHS Voucher mo, magtanong sa private school na nais pasukan kung mayroon pang ibang tulong pinansiyal upang ma-cover ang iyong tuition fee.</td></tr>
</table></td><td>Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts.</td></tr>
<tr><td>7 min</td><td>28</td><td>Para sa mga nais mag-aral ng Technical Vocational Education and Training, narito ang tatlong uri ng funding na maaari mong applyan:
<table>
<tr><td>NATIONAL</td><td>Lumapit sa TESDA. Napakaraming TESDA Scholarships ang handog naman sa'yo ng TESDA kung nais mong mag-aral sa Tech-Voc Institutions (TVIs).</td></tr>
<tr><td>CITY BASED</td><td>Lumapit sa LGU. Maaari ring may handog na tulong pinansiyal ang inyong lokal na pamahalaan para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa private Technical Vocational Institutions</td></tr>
<tr><td>SCHOOL BASED</td><td>Huwag mahiyang magtanong sa TVI.<br>Bukod sa TESDA, maaari ka ring magtanong sa paaralan na nais mong pasukan.</td></tr>
</table></td><td>Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts.</td></tr>
</table>

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 7 min | 29 | At higit sa lahat, para sa mga nais mag-aral ng **Kolehiyo**, ito rin ang iba't ibang funding sources na maaari mong applyan:<br><br>**NATIONAL**: **Lumapit sa CHED at sa UNIFAST.** Kung nais mo namang mag-aral ng college sa private HEIs, mayroong **Tertiary Education Subsidy** na handog sa'yo ang CHED.<br>**CITY BASED**: **Lumapit sa LGU.** Maaari ring may handog na tulong pinansiyal ang inyong **lokal na pamahalaan** para sa mga estudyanteng nais mag-aral sa private higher education institutions.<br>**SCHOOL BASED**: **Huwag mahiyang magtanong sa kolehiyo / unibersidad.** Magtanong ng iba pang paraan kung saan makakakuha ng subsidy / tulong pinansiyal upang masagot ang iyong tuition fee. | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |
| 5 min | 30 | Munting paalala lang na narito ang listahan ng mga ahensya na maaari mong lapitan upang makahingi ng tulong upang matustusan ang iyong pag-aaral. Ilan dito ang:<br>1. DepEd at PEAC, para sa SHS<br>2. TESDA, para sa TVET<br>3. CHED at UNIFAST, para sa College<br>4. Lokal na Pamahalaan<br>5. Private Organizations<br>6. Non-government organizations<br>7. Faith-based Institutions<br>8. Private Sponsors | Maaring humingi ng mga halimbawa mula sa mga participants kung mayroon silang kilala o alam na organisasyon na nagbibigay ng student financial assistance. (Halimbawa: Mayroon pong student financial assistance na binibigay ang opisina ni Mayor (name). Mayroon din pong scholarship mula sa (private company) para sa mga nais magaral ng TVET." |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | Paalala: Para sa mga maaaring imbitahan na mga public o private organizations pagkatapos ng HERO, pwede itong gawin sa additional HERO day upang magbigay ng adisyunal na impormasyon. |
| 2 min | 31 | Ngayon na nasagot na natin kung paano babayaran ang mga Direktang Bayarin, paano naman pag-iipunan ang mga Hindi Direktang Bayarin? | |
| 3 min | 32 | Mayroon ba kayong ideya kung paano magiging libre ang mga HINDI DIREKTANG BAYARIN ng pag-aaral? | Humingi ng ilang ideya mula sa mga estudyante. |
| 1 min | 33 | Muli, tandaan natin na ang mga Hindi Direktang Bayarin ang mga bayarin na ginagastos ngunit hindi direktang ibinabayad sa mga paaralan. Muli, tulad nito ay ang mga pamasahe, pang-baon, pang-proyekto, o pang-internet. | |
| 2 min | 34 | Una, upang maging libre ang mga Hindi Direktang Bayarin, huwag mahiyang magtanong at lumapit sa iba't ibang ahensya na maaaring makapagbigay ng tulong pinansiyal para sa iyong pag-aaral.<br>a. Scholarships Office ng lokal o provincial na pamahalaan<br>b. Mga pribadong sektor / non-government organizations / religious agencies | |
| 2 min | 35 | Bilang isang HERO Youth, alam naming ikaw ay maparaan, creative, at madiskarte – at kung sa iyong palagay ay kaya **mong balansehin at bigyang prayoridad pa rin ang iyong pag-aaral habang may part-time business**, maaari itong makatulong sa iyo para sa mga hindi direktang bayarin na iyong kakailanganin. | Maaaring humingi ng mga adisyunal pang ideya kung paano makakaipon din ng |

**HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?**

| TIME ALLOCATION | SLIDE NUMBER | SCRIPT | REMINDERS TO FACI |
|---|---|---|---|
| | | | pera para sa mga hindi direktang bayarin. |
| 4 min | 36 | Tandaan din na iba-iba tayo ng ruta papuntang SHS.<br>Maaari kang magtayo ng sariling business o magtrabaho ng part-time upang matustusan ang mga hindi direktang bayarin ng iyong pag-aaral.<br><br>Mangyaring lapitan ang EDC para sa **“Be Your Own Boss”** upang matutunan kung paano ka makabubuo ng iyong sariling **business**. Ang mga naiipon mo gamit ang iyong sariling business ay maaari mong gamitin para sa mga hindi direktang bayarin ng SHS.<br><br>Mangyaring lapitan ang EDC para sa **“Work Based Learning”** upang matutunan kung paano ka **magiging handa papuntang trabaho.**<br>Ang mga naiipon mo gamit ang iyong pagtatrabaho ay maaari mong ipunin habang naghahanda ka papuntang SHS. | |
| 3 min | 37 | Upang mas malaman pa natin kung ano ano ang iba't ibang mga sources of funding, magkakaroon tayo ng ating breakout groups.<br><br>1. Kasama ang iyong mga ka-HERO, sagutin ang tatlong scenarios at alamin ang iba't ibang paraan ng pagpondo sa edukasyon.<br>2. Pagkatapos sagutin ang 3 scenario, pumili ng dalawang reporter mula sa inyong grupo upang ibahagi ang inyong sagot, at ang pamamaraan kung paano niyo ito nalutas. | Ibigay ang breakout group sheets para sa mga estudyante. Magbigay din ng markers, manila paper, at masking tape. |
| 20 min | 38 | Activity Sheet for SHS Group<br>1. Nais mag-aral ni Mario ng Grade 11 sa isang pampublikong paaralan sa inyong siyudad. Hanapan siya ng tatlong paaralan na maaari niyang pasukan. | |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | 2. Nais mag-aral ni Rica, dating isang ALS Student, sa isang pribadong SHS sa inyong lungsod. Narinig din niya ang balita tungkol sa "SHS Voucher Program." Maaari mo ba siyang tulungan na alamin kung magkano ang tulong pinansiyal na maihahandog sa kanya nito, at kung ano ang prosesong kailangan niyang pagdaanan upang makapag-apply sa SHS Voucher Program? (Clue: I-check ang website ng **Private Education Assistance Committee**)<br>3. Ang kaibigan ni Rica na si Fatima ay nais ding mag-aral ng SHS, ngunit hindi sapat ang kinikita ng pamilya ng Fatima upang siya'y makapag-aral. Naisip ni Fatima na magtayo ng negosyo upang makatulong sa kaniyang pag-aaral. Bigyan si Fatima ng ilang suhestyon kung paano siya makakapag-aral at kung ano ang negosyong maaari niyang itayo. | |
| (Included in 20 mins of Slide 38) | 39 | Activity Sheet for UPMU Group<br>1. Nais ni Eric na magtrabaho kaagad pagkatapos niyang mag-aral ng isang course sa TESDA. Hanapin ang pinakamalapit na TESDA Technology Institute sa inyong lugar kung saan pwede mag-aral sa Eric, at alamin din kung ano ang mga pwede niyang aralin sa TTI na ito. (Clue: Ang TTI ay ang pampublikong paaralan kung saan pwede kang mag-aral ng TESDA Courses).<br>2. Nais mag-aral ni Bianca ng Bread and Pastry, kahit pa ito ay ini-offer sa pribadong Technical-Vocational Institution (TVI). Alam ni Bianca na ang TVI ay ang mga private schools na nag-offer ng TESDA courses. Maghanap ng tatlo hanggang limang TVI sa inyong lugar na maaari mong irekomenda kay Bianca.<br>3. Si Justin ang breadwinner ng kanilang pamilya. Nais niya rin sanang mag-aral ng TESDA Course ngunit hindi naman niya maiwan ang pagtatrabaho bilang isang construction worker. Ano ang maipapayo mo kay Justin na nais mag-aral ng TESDA Course ngunit nais ding ipagpatuloy ang kaniyang pagaaral? | |
| (Included in 20 mins of Slide 38) | 40 | Activity Sheet for College Group<br>1. Nakatapos si Abby ng high school mula old high school curriculum noong 2015. Nais niyang mag-aral sa pampublikong pamantasan kung saan maaari siyang maka-avail ng Free Higher Education. Hanapan si Abby ng dalawa hanggang tatlong HEI sa inyong lugar kung saan pwedeng mag-aral si Abby. | |

<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td>2. Si Jeric naman ay nakatapos ng SHS noong 2017. Naantala din ang kaniyang pag-aaral dahil kinailangan niyang mag-alaga ng kaniyang lola. Ngayong ready na si Jeric na mag-kolehiyo, gusto niyang mag-aral ng BS Engineering kahit pa ito ay nasa isang pribadong kolehiyo. Tulungan si Jeric na alamin kung ano ang Tertiary Education Subsidy, at ano ang mga pribilehiyo nito at ang proseso ng pag-apply dito.<br>3. Si Jay ay isang aspiring college student din. Bilang isang self-made man, nais niyang ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral, ngunit kailangan din niyang magtrabaho. Bigyan ng payo si Jay kung paano siya makakapag-aral ng BS Nursing, habang siya ay kasalukuyang nagtatrabaho sa isang call center company.</td><td></td></tr>
<tr><td>15 mins<br>(5 min per Squad)</td><td>41</td><td>Alright, time's up! Ngayon na nasagot na natin ang mga scenarios, tayo na at mag-Reunite sa ating Plenary!<br><br>1. I-ulat sa harap ang inyong mga kasagutan sa tatlong scenarios.<br>2. Banggitin din kung paano ninyo nasagot ang mga scenario. Anong ginamit ninyong paraan upang masagot ang mga scenario na ito?</td><td></td></tr>
<tr><td>1 min</td><td>42</td><td>Show slide "Mga Paalala"</td><td></td></tr>
<tr><td>8 min</td><td>43</td><td>Tandaan natin na para ating mga direktang bayarin, nakaparaming maaaring tumulong sa iyo.<br><br>PARA SA SHS:<br>❑ Kung nais mag-aral sa public SHS, automatic nang libre ang tuition fee.<br>❑ Kung nais mag-aral sa private SHS, mag-apply sa SHS Voucher Program.<br><br>PARA SA TVET:<br>❑ Kung nais mag-aral sa public TESDA Technology Institution, automatic nang libre ang tuition fee.</td><td>Tanungin din ang mga estudyante kung mayroon pa silang ibang katanungan tungkol dito.</td></tr>
</table>

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | ❑ Kung nais mag-aral sa private TVET Institution, mag-apply sa TESDA Scholarships.<br><br>PARA SA COLLEGE:<br>❑ Kung nais mag-aral sa public TESDA Technology Institution, automatic nang libre ang tuition fee.<br>❑ Kung nais mag-aral sa private TVET Institution, mag-apply sa TESDA Scholarships.<br><br>Samantala naman, bukod sa mga direktang bayarin, mayroon ding ibang stratehiya kung paano magiging libre ang mga Hindi Direktang Bayarin. Kabilang dito ang mga sumusunod:<br>1. Magtanong sa lokal na pamahalaan o sa mismong paaralan kung mayroong maaaring tumulong sa mga hindi direktang bayarin patungkol sa pag-aaral.<br>2. Kung hindi pa handang mag-aral, maaari ring mag-ipon muna gamit ang pagtatayo ng business o pagtatrabaho.<br>3. Maaari mo ring pagsabayin ang pag-aaral, pagbi-business o pagtatrabaho, ngunit kailangan nito ang matinding disiplina. | |
| 9 min | 44 | Narito naman ang mga ahensiyang maaaring tumulong sa iyo upang matustusan ang mga direktang bayarin:<br>1. Para sa SHS: Mangyaring lumapit sa DepEd o Department of Education, sa PEAC o sa Private Education Assistance Committee, o sa mismong paaralan na iyong papasukan<br>2. Para naman sa TVET: Lumapit sa TESDA, sa mismong paaralan na papasukan, o sa mga pribadong sector na maaaring nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga Direktang Bayarin<br>3. Higit sa lahat, kung nais namang mag-aral sa kolehiyo: Lumapit sa Commission on Higher Education o CHED; sa UNIFAST na namamahala sa lahat ng scholarships sa buong bansa; sa mismong paaralan na papasukan o sa pribadong sector | Tanungin din ang mga estudyante kung mayroon pa silang ibang katanungan tungkol dito. |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Bukod sa mga nabanggit, maaari ring lumapit sa mga susunod upang mabayaran ang mga hindi diretakng bayaran sa pag-aaral:<br>✓ Local or Provincial Government<br>✓ Private Sector / Agencies<br>✓ Non-government organizations | |
| 2 min | 45 | **Iba Pang Paalala**<br>Huwag mahiyang magtanong sa paaralang nais pasukan kung kailan magsisimula ang enrollment period. Siguraduhing huwag malilimutan ang date ng pagbubukas ng enrolment sa paaralan. | |
| 2 min | 46 | **Iba Pang Paalala**<br>Itanong din sa paaralang nais pasukan kung ano-ano ang mga dokumento o papeles na kailangan mong ihanda kapag ikaw ay mag-apply na para sa patuloy na pag-aaral. | |
| 1 min | 47 | Ngayon, sagutin muna ang ilang katanungan upang matulungan tayong makapagbigay ng realizations, reactions and recommendation | |
| 8 min | 48 | REACTIONS: Mga HERO, how do you feel about our session today?<br>1. Maliwanag, parang sinag ng araw dahil...<br>2. Nag-aalab, parang apoy dahil...<br>3. May duda, parang pag-ibig dahil...<br>4. Mahirap, parang buhay dahil...<br>5. Mabilis, parang agos ng ilog dahil...<br>6. Matibay, parang mga halaman dahil... | Magbigay ng sapat na oras sa mga estudyante upang makapagbahagi ng kanilang mga ideya. Maari ring gawin ang think-pair-share kung saan bago sila magbahagi ng sagot sa plenary ay makakapagbahagi muna sila ng sagot sa kanilang katabi. |
| 5 min | 49 | Maraming salamat sa mga nagbahagi. Ngayon nais naming malaman kung ano-ano ang mga aral na iyong babaunin pauwi. | Magbigay ng sapat na oras sa mga estudyante upang |

| HERO Mission 03: Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Mayroon bang mga bagong kaalaman? kahusayan? Kaisipan? | makapagbahagi ng kanilang mga ideya. |
| 5 min | 50 | REALIZATIONS: Tandaan mo, bilang isang HERO…<br>1. **Kumapit at alalahanin palagi ang iyong "bakit".**<br>2. **Kilalanin ang sariling kalakasan at kahinaan, at ang mga tao at institusyon na maaaring tumulong sa iyo.**<br>3. **Kumilos para sa minimithing pangarap, pagbabago, at pag-unlad para sa kinabukasan.** | Maaari kang tumawag ng mga estudyante kung mayroon pa silang ibang paalala sa kanilang mga ka-HERO. |
| 2 min | 51 | Muli balikan natin kung ano ang inyong mga Objectives ang narating natin ngayong araw:<br><br>☑ Alamin ang pagkakaiba ng direkta at hindi direktanong bayarin patungkol sa pagpapatuloy ng iyong pag-aaral<br>☑ Makilala ang iba't ibang ahensya na maaaring tumulong sa iyo upang matustusan ang mga direkta at hindi direktang bayarin sa pag-aaral<br>☑ Magbahagi ng impormasyon sa iyong mga ka-HERO patungkol sa mga scholarships at iba pang financial assistance programs upang mapagpatuloy ang inyong pag-aaral<br><br>Mayroon pa ba kayong mga katanungan? | |
| 1 min | 52 | Show title slide | |
| **TOTAL MINUTES** | **180 mins** | | |


| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| At least 10 mins before actual start of clock for Registration | 1 | *Greetings*<br>"Good day, mga ka-HERO! Welcome to our HERO Mission 4: Ano ang maaari mong aralin?"<br><br>"Habang hinihintay natin ang pagsisimula ng HERO, mangyari lamang na sundin natin ang mga sumusunod na protocols upang maging maayos ang pagpapatakbo natin ng ating session ngayong araw." | Habang hinihintay ang pagsisimula ng HERO, magpatugtog ng mga kanta upang ma-set ang mood ng training. Magandang makapag-play ng mga soundtracks mula sa mga superhero films. |
| Actual Start of Time: 1 min | 2 | Bukas – bukas na isip (welcome new learnings and beginnings, respect the experience of others), bukas na puso (empathy), bukas na palad (willingness to help the self and others)<br><br>Tiwala – know that it is a process, and trust it. Sige lang nang sige. Higit sa lahat, maniwala at magtiwala sa sarili.<br><br>Saya – we are celebrating the gift that is education and the mission that is teaching. Let's collaborate! We are partners! | Kung gagawin ang training online, siguraduhing may accessible na Attendance Sheet para sa mga mag-aaral. Naka-attach ang Attendance Sheet sample sa document na ito.<br><br>Kung Face to Face naman, please print out the Attendance Sheet (one Attendance per Mission) and make sure that the learners sign this before they enter the venue. Naka-attach din ang printable Attendance Sheet sa dulo ng document na ito.<br><br>If Face to Face, prepare simple nametags the youth can wear across the entire duration of HERO. |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 3 mins | 3 | Sa pagsisimula ng ating HERO Mission, sagutin natin ang tanong na ito - "Mayroon ka bang mga katanungan tungkol sa nakaraang mission? (Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral?" | Mayroong listahan ng FAQs sa ibaba nito para sa mga tanong na tungkol sa SHS, TVET, o College.<br><br>Kung may mga tanong na hindi kayang masagot sa oras na ito, ilista ito sa blackboard at siguraduhing mabalikan ang mga estudyante tungkol dito.<br><br>Para sa mga teknikal na tanong at mga tanong na hindi madaling sagutin, mangyaring magpadala ng mensahe sa EDC sa email address na CFernando@edc.org |
| 3 mins | 4 | Nais ko namang malaman, "Ano ang iyong mga key takeaways mula sa nakaraang mission? (Paano mo mababayaran ang iyong pag-aaral??" | Tangkilikin ang mga takeaways na kanilang nabanggit. Maaari ring ishare muna nila ang kanilang takeaways sa kanilang katabi bago ito ishare sa plenary. |
| 1 min | 5 | Maraming salamat sa inyong mga tanong at reflections!<br><br>Ngayon, ako naman ang may mga tanong. Mayroon lang tayong kaunting review questions upang malaman kung naintindihan natin ang mga kailangan nating maalala tungkol sa further education or training. | |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 3 mins | 6 | Kumpletuhin natin ang equation. Ano ang kinakailangan natin upang makuha ang halaga ng kabuuang bayarin?<br><br>(Sasagot ang mga bata ng "Direktang Bayarin")<br><br>Itanong din "Ano ang Direktang Bayarin?" o "Magbigay ng isang halimbawa ng Direktang Bayarin." | |
| 3 mins | 7 | Ipaliwanag kung paano magiging libre ang direktang bayarin sa:<br><br>1. Public Senior High School<br>2. TESDA Technology Institute<br>3. State or Local University or College | Tandaan na kung public institution ito (tulad ng Public SHS, Public TVET, o Public Higher Education Institution), AUTOMATIC nang libre ang kanilang pagaaral. |
| 3 mins | 8 | Ipaliwanag naman kung paano magiging libre ang Direktang Bayarin sa pribadong SHS. | Ang tamang sagot dito ay ang pag-apply sa Senior High School Voucher Program.<br><br>Ang SHS Voucher Program ay ang tulong pinansiyal na ibinibigay ng DepEd para sa mga estudyanteng nais magaral sa Non-DepEd SHS (tulad ng SHS na pribado, o SHS na nasa mga higher education institutions). |
| 5 mins | 9 | Magbigay ng mga suhestyon kung paano magiging libre ang mga HINDI DIREKTANG BAYARIN. | Ang mga maaring sagot dito ay: |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| TIME ALLOCATION | SLIDE NUMBER | SCRIPT | REMINDERS TO FACI |
| | | | "Una, upang maging libre ang mga Hindi Direktang Bayarin, huwag mahiyang magtanong at lumapit sa iba't ibang ahensya na maaaring makapagbigay ng tulong pinansiyal para sa iyong pag-aaral.<br>a. Scholarships Office ng lokal o provincial na pamahalaan<br>b. Mga pribadong sektor / non-government organizations / religious agencies<br><br>Bilang isang HERO Youth, alam naming ikaw ay maparaan, creative, at madiskarte – at kung sa iyong palagay ay kaya **mong balansehin at bigyang prayoridad pa rin ang iyong pag-aaral habang may part-time business**, maaari itong makatulong sa iyo para sa mga hindi direktang bayarin na iyong kakailanganin.<br><br>Tandaan din na iba-iba tayo ng ruta papuntang SHS.<br>Maaari kang magtayo ng sariling business o magtrabaho ng part-time upang matustusan ang |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | mga hindi direktang bayarin ng iyong pag-aaral.<br><br>Mangyaring lapitan ang EDC para sa **"Be Your Own Boss"** upang matutunan kung paano ka makabubuo ng iyong sariling **business**. Ang mga naiipon mo gamit ang iyong sariling business ay maaari mong gamitin para sa mga hindi direktang bayarin ng SHS.<br><br>Mangyaring lapitan ang EDC para sa **"Work Based Learning"** upang matutunan kung paano ka **magiging handa papuntang trabaho.**<br>Ang mga naiipon mo gamit ang iyong pagtatrabaho ay maaari mong ipunin habang naghahanda ka papuntang SHS." |
| 7 mins | 10 | Ipaliwanag ang chart. Tanungin "Tungkol kaya saan ang chart na ito?" | Narito naman ang mga ahensiyang maaaring tumulong sa iyo upang matustusan ang mga direktang bayarin:<br>4. Para sa SHS: Mangyaring lumapit sa DepEd o Department of Education, sa PEAC o |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | |  | sa Private Education Assistance Committee, o sa mismong paaralan na iyong papasukan<br>5. Para naman sa TVET: Lumapit sa TESDA, sa mismong paaralan na papasukan, o sa mga pribadong sector na maaaring nagbibigay ng tulong pinansiyal sa mga Direktang Bayarin<br>6. Higit sa lahat, kung nais namang mag-aral sa kolehiyo: Lumapit sa Commission on Higher Education o CHED; sa UNIFAST na namamahala sa lahat ng scholarships sa buong bansa; sa mismong paaralan na papasukan o sa pribadong sector<br><br>Bukod sa mga nabanggit, maaari ring lumapit sa mga susunod upang mabayaran ang |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | mga hindi diretakng bayaran sa pag-aaral:<br>✓ Local or Provincial Government<br>✓ Private Sector / Agencies<br>✓ Non-government organizations |
| 2 mins | 11 | Mayroon pa ba kayong mga katanungan mula sa ibang nakaraang HERO Missions? | |
| 1 min | 12 | Kung wala naman ay maghanda na tayo para sa ating HERO Mission 4: Ano ang maaari mong aralin? | |
| 1 min | 13 | Show title slide. | |
| 2 mins | 14 | Basahin natin ang sumusunod ng objectives natin para sa Mission 4:<br>❑ Malaman ang koneksyon ng SHS, TVET at College-level education, at kung paano makatutulay mula sa isang level papunta sa isa<br>❑ Makagawa ng isang personal Learning Roadmap na gagabay sa sarili kung paano makapagpapatuloy ng pag-aaral<br><br>Mayroon ba kayong mga katanungan para sa dalawang objectives na ito? | |
| 1 min | 15 | Bilang paghahanda sa mission natin ngayong araw, magkaroon lang tayo ng mabilis na review patungkol sa SHS, TVET o College. Mayroong limang pangungusap tayong makikita patungkol sa pagpunta sa Senior High School, sa Technical Vocational Education or Training, at sa College. | |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 1 min | 16 | Question 1: Tama o Mali?<br>Karaniwang mas maikli ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos mula sa SHS kaysa makatapos ng isang TESDA course. | |
| 2 mins | 17 | Ang sagot ay: MALI.<br><br>Maaari kayang may magpaliwanag dito?<br><br>Tama. Karaniwang mas maikli ang panahon ng pagpunta sa TVET kaysa pagpunta sa Senior High. Halos tatlo hanggang anim na buwan ang karaniwang haba ng pag-aaral ng isang TVET course, habang dalawang buong taon naman ang kailangang igugol ng isang tao upang makatapos sa Senior High School. | Mayroon ding mga pagkakataon na inaabot ang isang TESDA course na ilang taon bago matapos, higit lalo sa mga three-year TESDA Diploma Programs (tulad ng Culinary Arts at Hospitality Supervision). |
| 1 min | 18 | Question 2: Tama o Mali<br>Mas mahaba ang panahon na kailangan ng isang estudyante upang makatapos ng isang college degree kaysa makatapos ng isang TESDA course. | |
| 2 mins | 19 | Ang sagot ay: TAMA<br><br>Totoo ngang mas mahaba ang isang college degree kaysa isang TESDA course.<br><br>Alam niyo ba kung ilang taon ang karaniwang iginugugol ng isang tao para sa isang college degree?<br><br>Tama. Halos apat hanggang limang taon ang kailangan ng isang mag-aaral upang makatapos ng college degree. Mamaya ay aalamin din natin kung ano yung associate diploma na maaari ninyong gawing tulay upang maabot nang buo ang isang college degree. | |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 1 min | 20 | Question Number 3: TAMA o MALI<br>Kung nais tumuloy ng isang mag-aaral sa kolehiyo, kailangan ng isang high school diploma. | |
| 2 mins | 21 | Ang sagot ay: TAMA<br>Ayon sa CHED, ang mga maaaring tumuntong ng kolehiyo ay ang mga nakatapos na ng high school. Maaaring ito ay ang completers ng Senior High School Grade 12, o lumang high school curriculum bilang isang 4th year high school graduate, o mula sa ALS Senior High School.<br><br>Kailangan lamang nating matugunan ang mga admission requirements at hinihingi ng papasukan nating college o university. | |
| 1 min | 22 | Question Number 4: TAMA o MALI<br>Ang isang estudyanteng nakatapos ng SHS ay maaaring pumunta sa mundo ng trabaho, negosyo at pagkokolehiyo. | |
| 2 mins | 23 | Ang kasagutan ay: TAMA<br>Ang pagtatrabaho, pagnenegosyo o pagkokolehiyo ang tatlong exits ng Senior High School. Kabilang din dito ang middle level skills development, o ang pagpunta sa mga techvoc courses na handog naman ng TESDA. | |
| 1 min | 24 | Question Number 5: TAMA o MALI<br>Ang isang estudyanteng nakatapos ng TESDA National Certificate ay maaaring pumunta sa mundo ng trabaho at negosyo. | |
| 2 mins | 25 | Ang kasagutan ay: TAMA<br>Hinihikayat natin na ang mga magaaral na nakatapos ng TESDA ay maaari na ring magtrabaho o magnegosyo pagkatapos. | |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Kapag naman ang isang TESDA completer ay may sapat na ring naipon o nakita, maaari itong gamitin papunta sa pagkokolehiyo. | |
| 1 min | 26 | Ngayon, tingnan natin – ano nga ba Senior High School, TVET o College – at paano natin mabubuksan ang mga pintuan papunta rito. | |
| 8 mins | 27 | Alamin natin nang mabilis kung ano ang Senior High School.<br><br>1. Sino sa inyo ang nakatapos ng Formal Elementary Grades 4-6?<br>2. Sino naman ang nakatapos ng ALS Elementary?<br>3. Tandaan natin na kapag ikaw ay nakatapos na ng Elementary, mangyaring ito ay formal Grades 4-6 o ALS level ng elementary, bukas sa iyo ang pintuan papuntang Junior High School<br>4. Ngayon, maitanong ko lang – sino muli sa inyo ang nakatapos mula Formal Junior High School Grades 7-10?<br>5. Sino naman ang nakatapos ng ALS JHS?<br>6. Tandaan natin na ang mga nakatapos ng Junior High School, mangyaring ito ay formal Grades 7-10 o ALS-level ng Junior High, bukas na bukas sa inyo ang pintuan papuntang Senior High School.<br>7. Ibig sabihin, ang mga nakatapos ng Formal JHS Grades 7-10 ay maaaring pumunta sa formal SHS Grades 11-12, o kung hindi naman ay maaari ring ikonsidera ang pagpunta sa ALS SHS, sa mga lugar o siyudad na nagooffer nito.<br>8. Para naman sa mga nasa ALS Junior High, hinihikayat kayong tumuntong papuntang Formal Senior High Grades 11-12; o 'di naman ay tumuloy naman sa ALS-level ng Senior High School.<br><br>Para sa mga nagnanais na pumunta o tumuloy sa Senior High School, magkakaroon tayo ng adisyunal na information session kasama ang DepEd. | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 8 mins | 28 | Okay! Paano naman para sa mga estudyanteng nagnanais mag-aral ng TVET, o Technical Vocational Education and Training?<br><br>Para sa mga nasa Formal Junior High o ALS Junior High, pagkatapos ninyo ng inyong ALS, maaari na rin kayong magpatuloy sa TESDA Courses. Paano? Siguraduhing nakipagusap muna sa TESDA school na nais puntahan, at siguraduhin nating na-comply natin ang mga entry requirements ng paaralan at ng programang ito.<br><br>Ngunit bukod sa mga Junior High School completers, maaari rin namang mag-aral ng TVET courses ang mga nakatapos na ng Senior High School. | |
| 8 mins | 29 | Ngayon alam kong maaaring iniisip niyo na rin paano naman ang proseso para sa mga nagnanais tumuloy sa kolehiyo.<br><br>Muli, para sa mga nakatapos na ng Senior High School, maaari na kayong dumerecho sa kolehiyo sa pagkuha ng bachelor's degree. Ang bachelor's degree ay ang four to five year degree na kinukuha sa kolehiyo upang mahasa ang inyong kaalaman at kapasidad sa mas mataas na mga requirements para sa highly specialized na mga trabaho. Muli, bukod sa SHS Graduates, maaari ring tumuloy sa bachelor's degree ang mga nakatapos na ng high school mula old basic education curriculum.<br><br>Ngunit kung hindi mo pa kayang tumuloy sa bachelor's degree, maaari ka rin munang kumuha ng associate diploma – lalo para sa mga higher education institutions na nagoffer nito. Ang associate diploma ay ang two year diploma na kinukuha sa kolehiyo, bilang hakbang patungo sa isang buong bachelor's degree.<br><br>Tandaan natin na ang mga high school graduates, o mga college students ay maaari ring kumuha ng TESDA courses on the side. | |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Mamaya ay aalamin natin kung ano ang isa pang paraan upang makakuha ng college degree – at ito ay sa tulong ng ETEEAP, o ang Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program. | |
| 1 min | 30 | Laliman lang natin ang ating pagtingin sa Senior High School, TVET, at College education. | |
| 7 mins | 31 | Ang Senior High School ay ang:<br>❑ **Huling dalawang taon ng K-12 Program**, na binubuo ng **Grades 11 and 12** (ayon sa Republic Act 10533)<br>❑ Mayroong **Apat na SHS Tracks**, na nag-offer ng iba't ibang specializations upang matulungan ang mga estudyante na maging mas handa sa mundo ng pagtatrabaho, pagnenegosyo, o pagkokolehiyo<br>❑ Ang apat na tracks ng Senior High School ay ang:<br>• Academic Track – Ito ang track na inirerekomendang piliin mo kung nais mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral sa kolehiyo. Karamihan sa mga kumukuha ng Academic Track ay mga estudyanteng nais pang mahasa sa larangan ng research.<br>• Technical Vocational Livelihood Track – Ang TVL Track naman ay para sa mga estudyanteng nais makakuha ng National Certificate na maaaring gamitin sa pagtatrabaho.<br>• Sports Track – Para naman sa mga estudyanteng mahilig sa Sports, inirerekomendang piliin mo ang Sports Track. Karamihan sa mga kumukuha ng Sports Track ay nagiging Fitness Trainer, Gym Instructor, o Recreation Attendant.<br>• Arts and Design Track – Kung mayroon ka namang likas na talent at hilig sa sining at pagdidisenyo, nirerekomendang piliin mo ang Arts | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | and Design Track. Para ito sa mga estudyanteng nais hasain ang sarili sa larangan ng performance, visual o creative arts. | |
| 6 mins | 32 | Pagkatapos ng dalawang taon ng **Senior High School,** ang mga estudyante ay:<br>❑ Makakakuha ng **SHS Diploma**, na maaari nilang gamitin papuntang trabaho, negosyo, kolehiyo, o TVET<br>❑ Ayon sa CHED, ano pa man ang iyong SHS Track ay maaari kang kumuha ng alinmang degree sa kolehiyo, ngunit maaari kang pakuhanin ng bridging program kung sakaling hindi tugma ang iyong SHS Track sa nais na bachelor's degree (CHED Memorandum from the Chair, November 18, 2020)<br>❑ Ayon sa DepEd, kung hindi pa handa ang mga HS graduates ng old basic education curriculum ay maaari rin silang pumasok sa SHS kaysa dumerecho ng kolehiyo at kumuha ng bridging programs (DepEd Order No. 27, s. 2018) | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |
| 6 mins | 33 | Kapag ikaw ay mag-aaral ng Technical Vocational Education and Training (TVET), maaari kang mag:<br>❑ **UPSKILLING –** Ito ang paraan upang mas mahasa pa ang inyong karanasan gamit ang pag-enroll at pagkumpleto sa requirements ng mas mataas na National Certification Level sa kaparehong programa *(Bread and Pastry NC II to Bread and Pastry NC III)*<br>❑ **MULTISKILLING –** Ito ang pagsasanay sa iba't ibang TechVoc Skills na maaaring magamit sa pagsasagawa ng trabaho sa samu't saring industriya. *(Bread and Pastry NC II to Bartending NC II)* | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 6 mins | 34 | Maaari kang pumili sa alinmang TVET course mula sa pitong priority sectors ng TESDA:<br><br> | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |
| 7 mins | 35 | Ano ang ibig sabihin ng **pagkokolehiyo?**<br>Mayroong dalawang level ang tertiary education:<br>1. Ang una ay ang **"Pre-Baccalaureate"**, na binubuo ng post-secondary study na tipikal na tinatapos sa loob ng isa hanggang dalawang taon, na magpapatuloy sa pagkuha ng isang **associate diploma o certificate**.<br>2. Ang four-year college education naman ay tinawatag na **"Baccalaureate" o bachelor's degree**. Tinatapos ito sa loob ng apat hanggang limang taon. | |

<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td>Tandaan na ang associate diploma ay maaari mong gawing stepping stone upang makakuha ka ng isang buong bachelor's degree.</td><td></td></tr>
<tr><td>7 mins</td><td>36</td><td>Paano kung hindi pa ako handang magkolehiyo at kailangan kong magtrabaho? Mayroon pa bang ibang landas tungo sa pagkokolehiyo?<br><br>Kung hindi pa handang magkolehiyo ngayon, maaari mo ring tahakin ang Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program (ETEEAP). Ang ETEEAP ang programa ng CHED na naglalayong i-assess, i-validate, at bigyang halaga ang formal, non-formal, at informal na training at relevant work experience bilang undergraduate level units, papunta sa paghahandog ng appropriate na academic degree.<br><br>Sino ang pwede sa ETEEAP?<br>❑ Nakatapos ng high school, o passers ng ALS A&E na may resultang pwede nang pumasok sa first year college<br>❑ Filipino citizen, na at least 23 years old<br>❑ Dapat ay nagtrabaho sa loob ng 5 taon sa industriyang nais kuhanan ng academic degree<br><br>Source: CHED Memorandum Order No. 29, s. 2021</td><td></td></tr>
<tr><td>6 mins</td><td>37</td><td>Kilalanin si Jan, isang ETEEAP Graduate.</td><td></td></tr>
<tr><td>7 mins</td><td>38</td><td>Mayroon pa ba kayong mga tanong?</td><td>Sagutin ang mga tanong na kaya nang sagutin. Mainam ding may mga taong makakatulong sa iyo na sagutin ang ilan sa mga tanong dito.</td></tr>
</table>

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | Kung hindi naman kayang sagutin ang mga tanong, siguraduhing masasagot ang mga tanong na ito sa additional HERO Day, pagkatapos ng run nitong tatlong araw ng HERO. |
| 2 mins | 39 | Muli tayo ay magkakaroon ng additional HERO Day.<br><br>May isang araw tayong tatalakay lamang tungkol sa SHS kung saan magiimbita tayo ng speaker mula DepEd.<br><br>Mayroon ring isang araw kung saan tatalakayin natin ang TVET, kung saan magiinvite naman tayo ng speaker mula TESDA.<br><br>At para naman sa mga nagnanais tumuloy sa kolehiyo, magiinvite tayo ng speaker mula CHED. | |
| 20 mins | 40 | Para sa ating activity ngayong araw, mangyaring sagutan natin ang ating personal learning roadmap. Isiping sasagutan ito bilang tanda ng ating pagnanais para sa patuloy na pagaaral. Maglagay ng arrows mula sa isang kahon papunta sa isa, hanggang sa makarating sa inyong Desired Futures na kahon. Sa Desired Futures na ito, mangyaring isulat kung ano ang pinakaninanais ninyo – na maaring (a) magkaron ng negosyo, (b) magkatrabaho, o (c) magkaroon ng diploma. Maaari ring laktawan ang ibang kahon kung sa inyong palagay ay hindi ito kasama o kabahagi ng inyong desired futures.<br><br>Sa dulo ay ibahagi ang inyong ginawang learning roadmap kasama ang inyong HERO Squadmates. | Muli, kailangan nilang maintindihan na hindi kailangang magkakatahi lahat ng kahon. Maaaring para sa ibang estudyante ay hindi nila balak ituloy ang kanilang pagKokolehiyo, at kailangan din natin silang suportahan patungo sa kung ano mang desired futures ang nais nilang puntahan. |
| 1 min | 41 | Show title slide. | |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 2 mins | 42 | Sa ating pangwakas na Final Reflection Activity, mangyaring tumayo tayo at magbigay espasyo para sa ating activity.<br><br>Sa activity na ito, hahatiin natin ang ating klasrum sa dalawa.<br><br>Ang pinaka-kaliwa ay para sa mga "Strongly Agree" o para sa mga "Higit na Sumasangayon", ang gitna ang "Neutral", at ang pinaka-kanan ay para sa mga "Strong Disagree" o "Higit na Hindi Sumasangayon."<br><br>Ang ating gagawin ay maglakad at tumayo ayon sa napiling kasagutan sa mga pangungusap na inyong makikita. | |
| 2 mins | 43 | Kung ready na – Warm Up Question<br>"Mas masarap ang adobo kaysa sinigang." | Magtanong tanong sa participants kung bakit ito ang napili nilang sagot. |
| 2 mins | 44 | Warm Up Question Two:<br>"Mas masarap ang pizza kapag may pineapple" | Magtanong tanong sa participants kung bakit ito ang napili nilang sagot. |
| 6 mins | 45 | Question 1:<br>Sa pagpili sa aking kurso, ang aking iniisip ay ang aking sariling kagustuhan. | Magtanong tanong sa participants kung bakit ito ang napili nilang sagot. |
| 6 mins | 46 | Question 2:<br>Sa pagpili sa aking kurso, ang aking iniisip ay ang kagustuhan ng aking mga magulang o mahal sa buhay. | Magtanong tanong sa participants kung bakit ito ang napili nilang sagot. |
| 6 mins | 47 | Question 3:<br>Kaya kong matugunan ang aking mga pangangailangan upang makapagtapos ng aking pag-aaral. | Magtanong tanong sa participants kung bakit ito ang napili nilang sagot. |

| HERO Mission 04: Ano ang maaari mong aralin? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | |
| 3 mins | 49 | Mayroon pa ba kayong ibang nais itanong o sabihin?<br><br>Kung malinaw na, nais kong bigyan kayo ng isang minute upang magreflect sa mga objectives na naaccomplish natin ngayong araw:<br><br>☑ Malaman ang koneksyon ng SHS, TVET at College-level education, at kung paano makatutulay mula sa isang level papunta sa isa<br>☑ Makagawa ng isang personal Learning Roadmap na gagabay sa sarili kung paano makapagpapatuloy ng pag-aaral<br><br>Ano ang inyong pinaka-naging takeaway pagkatapos ng ating araw? | |
| 1 min | 50 | Show Title Slide | |
| **TOTAL MINUTES** | **180 mins** | | |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| At least 10 mins before actual start of clock for Registration | 1 | *Greetings*<br>"Good day, mga ka-HERO! Welcome to our HERO Mission 5: Saan ka pwedeng mag-aral?"<br><br>"Habang hinihintay natin ang pagsisimula ng HERO, mangyari lamang na sundin natin ang mga sumusunod na protocols upang maging maayos ang pagpapatakbo natin ng ating session ngayong araw." | Habang hinihintay ang pagsisimula ng HERO, magpatugtog ng mga kanta upang ma-set ang mood ng training. Magandang makapag-play ng mga soundtracks mula sa mga superhero films. |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| Actual Start of Time: 1 min | 2 | Bukas – bukas na isip (welcome new learnings and beginnings, respect the experience of others), bukas na puso (empathy), bukas na palad (willingness to help the self and others)<br><br>Tiwala – know that it is a process, and trust it. Sige lang nang sige. Higit sa lahat, maniwala at magtiwala sa sarili.<br><br>Saya – we are celebrating the gift that is education and the mission that is teaching. Let's collaborate! We are partners! | Kung gagawin ang training online, siguraduhing may accessible na Attendance Sheet para sa mga mag-aaral. Naka-attach ang Attendance Sheet sample sa document na ito.<br><br>Kung Face to Face naman, please print out the Attendance Sheet (one Attendance per Mission) and make sure that the learners sign this before they enter the venue. Naka-attach din ang printable Attendance Sheet sa dulo ng document na ito.<br><br>If Face to Face, prepare simple nametags the youth can wear across the entire duration of HERO. |
| 3 mins | 3 | Sa pagsisimula ng ating HERO Mission, sagutin natin ang tanong na ito - “Mayroon ka bang mga katanungan tungkol sa nakaraang mission? (Ano ang maaari mong aralin?” | Mayroong listahan ng FAQs sa ibaba nito para sa mga tanong na tungkol sa SHS, TVET, o College.<br><br>Kung may mga tanong na hindi kayang masagot sa oras na ito, ilista ito sa blackboard at siguraduhing mabalikan ang mga estudyante tungkol dito. |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | | Para sa mga teknikal na tanong at mga tanong na hindi madaling sagutin, mangyaring magpadala ng mensahe sa EDC sa email address na CFernando@edc.org |
| 3 mins | 4 | Nais ko namang malaman, "Ano ang iyong mga key takeaways mula sa nakaraang mission? (Ano ang maaari mong aralin?)" | Tangkilikin ang mga takeaways na kanilang nabanggit. Maaari ring ishare muna nila ang kanilang takeaways sa kanilang katabi bago ito ishare sa plenary. |
| 1 min | 5 | Maraming salamat sa inyong mga tanong at reflections!<br><br>Ngayon, ako naman ang may mga tanong. Mayroon lang tayong kaunting review questions upang malaman kung naintindihan natin ang mga kailangan nating maalala tungkol sa further education or training. | |
| 2 mins | 6 | Question 1:<br>Ano ang apat na tracks sa Senior High School? | |
| 5 mins | 7 | Ang tamang sagot ay:<br>1. Academic Track<br>2. Technical Vocational Livelihood Track<br>3. Sports Track<br>4. Arts and Design Track | |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Dalawang paalala lamang tungkol sa Senior High School:<br>1. Anumang SHS Track ang iyong piliin, maaari ka pa ring pumunta sa anumang trabaho, magkaroon ng anumang negosyo, o pumasok sa anumang college degree na nais puntahan sa kolehiyo.<br>2. Walang SHS Track ang mas mataas o mas mahalaga, pero mayroong SHS Track na mas angkop para sa iyo. Nakadepende ito sa iyong pangarap at iba pang priorities sa iyong buhay. | |
| 2 mins | 8 | Question 2:<br>Ipaliwanag kung ano ang "Upskilling" at "Multiskilling." | |
| 4 mins | 9 | Muli, ang Upskilling ay ang:<br>Paraan upang ang isang interesadong kabataan ay mas mahasa pa ang kanilang kasanayan. Maaari siyang magpatuloy sa pagpapa-unlad ng kaniyang kakayahan gamit ang pag-enroll at pagkumpleto sa requirements ng mas mataas na National Certification Level sa kaparehong programa. | |
| 4 mins | 10 | Samantalang ang Multiskilling naman ay ang:<br>Pagsasanay sa mga manggagawa sa iba't ibang TechVoc skills na maaari nilang magamit sa pagsasagawa ng kanilang mga trabaho sa samu't saring industriya. Ang Multiskilling ay sumasaklaw sa isa o higit pang programa o TechVoc track. | |
| 8 mins | 11 | Ang desisyon sa pag-Upskill o pag-Multiskill ay nakadepende sa iyo, kung nais mong hasain ang sarili sa isang partikular na kakayanan, o ang pagpapalawak ng iyong mga kasanayan upang maging mas competitive.<br><br>Sa dulo, ang pagUpskill o pagMultiskill ay ating ginagawa para sa mga sumusunod: | Makikita ang mga content na ito sa HERO Handouts. |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | a) Job Security - Mas mataas ang tiyansa mo na makakuha ng magandang trabaho sapagkat nahasa mo ang iyong kasanayan sa angkop sa industriya.<br>b) 21st Century Skills - Matutunan mo rin ang mga updated na skill requirements para sa makabagong henerasyon. Kabilang dito ang communication ang critical thinking skills.<br>c) Work Demand Transition - Mas may kakayahan kang maka-adapt sa mga makabagong pamamaraan ng pagta-trabaho, kagaya ng paggamit ng teknolohiya<br>d) Recover and Rebuild - Makatutulong ka rin sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa industriyang mataas ang demand. | |
| 2 mins | 12 | Question Three:<br>Magbigay ng isang priority sector mula sa TESDA na nagbibigay depinisyon kung ano ang mga Technical Vocational Education and Training Programs na maaari mong aralin. | |
| 4 mins | 13 | <br>Makikita natin ang buong listahan ng TVET courses sa ating mga handouts. | |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 2 mins | 14 | Question 4:<br>Ano ang kaibahan ng associate diploma sa bachelor's degree? | |
| 4 mins | 15 | Mayroong dalawang level ang tertiary education:<br>1. Ang una ay ang **"Pre-Baccalaureate"**, na binubuo ng post-secondary study na tipikal na tinatapos sa loob ng isa hanggang dalawang taon, na magpapatuloy sa pagkuha ng isang **associate diploma o certificate**.<br>2. Ang four-year college education naman ay tinawatag na **"Baccalaureate" o bachelor's degree**. Tinatapos ito sa loob ng apat hanggang limang taon. | |
| 2 mins | 16 | Question 5:<br>Ipaliwanag kung ano ang "Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program" | |
| 4 mins | 17 | Ang **Expanded Tertiary Education Equivalency and Accreditation Program (ETEEAP)** ang programa ng CHED na naglalayong i-assess, i-validate, at bigyang halaga ang formal, non-formal, at informal na training at relevant work experience bilang undergraduate level units, papunta sa paghahandog ng appropriate na academic degree. | |
| 4 mins | 18 | Sino ang pwede sa **ETEEAP**?<br>❑ Nakatapos ng high school, o passers ng ALS A&E na may resultang pwede nang pumasok sa first year college<br>❑ Filipino citizen, na at least 23 years old<br>❑ Dapat ay nagtrabaho sa loob ng 5 taon sa industriyang nais kuhanan ng academic degree | |
| 2 mins | 19 | Ngayong natapos na natin ang ating review, nais kong tanungin kung mayroon pa kayong ibang katanungan? | |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| 1 min | 20 | Kung wala na, tayo na't maghanda para sa HERO Mission 5: Saan ka pwedeng mag-aral? | |
| 1 min | 21 | Show title slide | |
| 2 mins | 22 | Narito ang ating mga objectives para sa ikalimang mission ng HERO:<br>❑ Mailarawan ang paaralan na nais puntahan<br>❑ Malaman kung paano naaapektuhan ng uri ng paaralang nais pasukan ang uri ng funding na maaari mong applyan<br>❑ Makagawa ng Community Map kasama ang mga ka-HERO upang mailarawan ang lapit o layo ng mga paaralan mula sa tahanan | |
| 1 min | 23 | Bilang panimula, magkakaroon tayo ng isang activity. | |
| 15 mins | 24 | Panuto:<br>Kumuha ng isang pirasong papel at coloring materials upang maiguhit ang inyong "dream school." Sa likod ng inyong drawing, sagutin ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang mga lugar na mayroon dito?<br>2. Ano ang mga nangyayari sa paaralang ito?<br>3. Ano ang slogan ng paaralang ito? | |
| 7 mins | 25 | Tapos na ba tayo sa ating mga Dream School outputs?<br><br>Kung tapos na tayo ay:<br>Ibahagi ang iyong drawing sa iyong mga ka-HERO.<br>1. Saan kayo nagkaparehas ng sagot? Saan naman nagkaiba?<br>2. Anong ideya mula sa iyong mga ka-HERO ang pinaka-nagustuhan mo? | |
| 2 mins | 26 | Mamaya ay maghahanap tayo ng mga aktwal na paaralan kung saan tayo pwedeng mag-aral. | |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | Ngayon, alamin natin kung paano nababago ng uri ng paaralan ang uri ng student financial assistance na maaari nating i-avail. | |
| 1 min | 27 | Alamin natin kung ano ang dalawang uri ng paaralan!<br><br>Mayroon ba kayong ideya kung ano ang dalawang uri ng paaralan? | |
| 2 mins | 28 | Ang unang uri ay tinatawag nating Public o Pampublikong Paaralan:<br>**Public / Pampublikong Paaralan -** Ito ang mga paaralang pinapatakbo ng pamahalaan, at nagpapatuloy gamit ang buwis / taxes na binabayad ng bawat Pilipino. | |
| 2 mins | 29 | Ang ikalawang uri ay tinatawag nating Private o Pribadong Paaralan - Private / Pribadong Paaralan,  Ito ang mga paaralang pinapatakbo ng mga pribadong ahensiya, at nagpapatuloy gamit ang direktang bayarin / tuition fee mula sa mga magaaral.<br><br>Mayroong Public at Private Schools sa lahat ng antas –<br>Mayroong Public at Private Senior High Schools, Public and Private Institutions na nag-offer ng Technical Vocational Education and Training, at Public and Private na Colleges and Universities. | |
| 1 min | 30 | **Ano ang tipikal na tawag sa mga paaralang ito?** | |



<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td>3 mins</td><td>31</td><td>
<table>
<tr><td>Senior High School</td><td>Bukod sa "public SHS", tinatawag din silang "DepEd Senior High Schools"</td></tr>
<tr><td>Technical Vocational Education and Training</td><td>Tipikal silang tinatawag na TESDA Technology Institutions.</td></tr>
<tr><td>College / University</td><td>Ang public HEIs ay tinatawag na State o Local Universities and Colleges.</td></tr>
</table>
Narito ang ibang terminolohiya na magandang makilala natin, patungkol sa iba't ibang public schools sa iba't ibang antas.
</td><td></td></tr>
<tr><td>3 mins</td><td>32</td><td>
At ganito naman kung tawagin ang mga Private Schools sa iba't ibang antas:
<table>
<tr><td>Senior High School</td><td>Bukod sa "private SHS", tinatawag din silang "Non-DepEd Senior High Schools"</td></tr>
<tr><td>Technical Vocational Education and Training</td><td>Tipikal silang tinatawag na Technical Vocational Institutions (TVIs).</td></tr>
<tr><td>College / University</td><td>Maraming katagang ginagamit sa private HEIs tulad ng institute, academy, college, school, o university.</td></tr>
</table>
Mayroon ba kayong alam na mga halimbawa ng public at private na:<br>a) Senior High Schools?<br>b) TESDA Schools?
</td><td>Magandang maglagay ng mapa ng komunidad upang malaman ng mga estudyante kung nasaan ang mga paaralang ito. Maari ring gumamit ng Google Maps upang mas mavisualize ng mga estudyante kung paano puntahan ang mga paaralang ito.</td></tr>
</table>


<table>
<tr><th colspan="4">HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral?</th></tr>
<tr><th>TIME ALLOCATION</th><th>SLIDE NUMBER</th><th>SCRIPT</th><th>REMINDERS TO FACI</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td>c) Colleges and Universities?</td><td></td></tr>
<tr><td>1 min</td><td>33</td><td>Ngayon alamin natin kung ano ang tawag sa mga paaralang ito, ngayon alamin natin: Ano ang relasyon ng uri ng paaralan sa uri ng financial assistance na maaari kong applyan?</td><td></td></tr>
<tr><td>4 mins</td><td>34</td><td>Sa public schools, isang bagay lang ang dapat nating tandaan:<br>Kapag PUBLIC, AUTOMATIC.<br><br>Automatic nang libre ang mga direktang bayarin sa mga public schools na nais mong puntahan – mapa-public Senior High School man ito, public TESDA Technology Institute, o public college o university.<br><br>Upang maging sigurado tayo kung ang mismong aktwal na paaralan na iyong pupuntahan ay LIBRE ang direktang bayarin, siguraduhing makipagugnyan o magtanong sa paaralang nais puntahan.</td><td></td></tr>
<tr><td>4 mins</td><td>35</td><td>Para naman sa mga nais magaral sa PRIVATE SCHOOLS, napakarami ring paraan upang maging libre ang inyong mga DIREKTANG BAYARIN:<br><br>
<table>
<tr><td>Senior High School</td><td>Kagaya ng inaral sa HERO Mission 2, mayroong DepEd SHS Voucher Program na maaari mong applyan kung nais mag-aral sa Private SHS.</td></tr>
<tr><td>Technical Vocational Education and Training</td><td>Napakarami ring TESDA Scholarships kung nais mag-aral sa mga TVIs. Mangyaring lumapit sa mismong TVI upang malaman ang mga handog nilang TESDA Scholarships.</td></tr>
<tr><td>College / University</td><td>Bukod sa Tertiary Education Subsidy na handog ng CHED, marami ring national level / city level o</td></tr>
</table>
</td><td></td></tr>
</table>

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | (table cell) **school-based scholarships** na pwede mong applyan upang makapasok sa private HEIs.<br><br>Bukod sa mga nakalista dito, TANDAAN din natin na NAPAKARAMING National / City Based at School Based na Student Financial Assistance para sa mga estudyanteng nais magaral sa mga pribado, o maging a pampublikong mga paaralan. | |
| 4 mins | 36 | *Isang Paalala mula HERO Mission 3:*<br>MAGTANONG.<br>Napakaraming ahensiya ang maaaring tumulong sa'yo upang ikaw ay makapag-aral. Andyan ang:<br>1. DepEd at PEAC, para sa SHS<br>2. TESDA, para sa TVET<br>3. CHED at UNIFAST, para sa College<br>4. Lokal na Pamahalaan<br>5. Private Organizations<br>6. Non-government organizations<br>7. Faith-based Institutions<br>8. Private Sponsors | |
| 1 min | 37 | **Ngayong alam na natin kung ano ang dalawang uri ng paaralan, paano naman natin malalaman ang paaralan na para sa atin?** | |
| 5 mins | 38 | Tandaan lang natin ang apat na suhestyon para sa atin upang mapili natin ang paaralang maaari nating puntahan:<br>1. **DISTANSIYA -** Gusto mo bang mag-aral sa isang paaralang malayo o malapit mula sa inyong tirahan?<br>2. **KOMUNIDAD -** Sino ang mga kakilala mo dito? Sino ang makakatulong sa iyo dito?<br>3. **IMPORMASYON -** Ano na ang alam mo tungkol sa paaralang ito? | |

| HERO Mission 05: Saan ka pwedeng mag-aral? | | | |
|---|---|---|---|
| **TIME ALLOCATION** | **SLIDE NUMBER** | **SCRIPT** | **REMINDERS TO FACI** |
| | | 4. **KURSONG HANDOG -** Ano ang mga maaari mong aralin sa paaralang ito? Ini-offer ba nito ang course na nais mo? | |
| 5 mins | 39 | Maaari rin tayong kumuha ng adisyunal na impormasyon mula sa mga sumusunod:<br>1. **LOCAL COUNCIL -** Makipag-ugnayan sa inyong barangay o lokal na pamahalaan tungkol sa mga paaralang malapit sa inyong lugar.<br>2. **INTERNET -** I-search ang mga paaralan gamit ang internet at mga link ng DepEd, TESDA o CHED. Kung may napupusuan ka nang paaralan ay maaari mo na ring i-check ang websites ng mga paaralan.<br>3. **MGA KAKILALA -** Magtanong sa mga kakilala, tulad ng mga kaibigan, kapamilya, dating guro, kapitbahay, at iba pang mapagkakatiwalaang tao kung saan pwede mag-aral. | |
